

Lingguwistikong Etnograpiya ng Sama

Lingguwistikong Etnograpiya ng Sama

Karapatang-sipi © 2021 ng Komisyon sa Wikang Filipino at ng Katutubong Pamayanang Kultural ng mga Sama.

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Walang bahagi ng manuskritong ito ang maaaring sipiin o gamitin nang walang nakasulat na pahintulot mula sa mga may-akda at tagapaglathala.

Mga mananaliksik at sumulat ng manuskrito:

Nena C. Abdurajak
Cheryl P. Barredo
Ednelyn D. Cadapan

PAUNAWA. Hindi inilathala ang manuskritong ito. Ang pagkopya at pamamahagi sa publiko ay ipinagbabawal.



Komisyon sa Wikang Filipino
Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel,
Malacañan Complex, San Miguel, Lungsod Maynila 1005
Tel. (02) 899-606-70
email: komisjonsawika@gmail.com

PAUNANG SALITA

Sa saliksik ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) noong 2016, napag-alamang mayroong tinatáyang 130 katutubong wika ang Pilipinas. Sa bílang na ito, tinatáyang may 40 wika ang nanganganib nang maglaho sa hinaharap. Dahil ito sa ilang mga salik tulad ng kawalan ng *intergenerational transmission* sa wika; migrasyon ng mga tagapagsalita ng wika; at pangingibabaw ng paggamit ng *lingua franca*. Ang panganganib ng wika ay isang pandaigdigang karanasan. Isa rin itong hámon sa mga bansa kung paano isasalba ang mga wika sa panganganib. Kapag hindi na naipapása sa susunod na henerasyon ang wika, unti-unting maglalaho ang mga buháy na dúhong o *intangible cultural heritage* tulad ng panlipunang kaugalian, ritwal, pagtatanghal, tradisyonal na paglikha, oral na tradisyon gaya ng mga tulâ, bugtong, kuwentong-bayan, at epikong-bayan. Kung tulúyang maglalaho ang wika, makapipinsala ito sa kalikásan at biodiversidad dahil ang mga katutubong karunungan hinggil sa kalikásan, paniniwala sa mga espiritu, at mga kultural na pagpapahalaga ay nása katutubong wika.

Kayâ, naglatag ang UNESCO¹ ng mga hakbang sa pagpapasigla ng wika, isa na rito ang pagdodokumento sa wika at kultura. Sa pamamagitan nitó, napayayaman ang pag-aaring intelektuwal ng mga tao, naipakikíta ang kultural na pananaw na maaaring bago sa kasalukuyang kaalaman, at ang proseso ng dokumentasyon ay nakatutúlong sa impormante ng wika upang muling pasiglahin ang kaalaman sa wika at kultura (UNESCO 2003). Ayon din kay Himmelman (2006), ang pagdodokumento ng wika ay isang pangmatagalan at may masaklaw na layunin na talâ o rekord ng wika.² Magagámit ito sa maraming layunin sa pagpapasigla at pagpapaunlad ng wika.

Bílang tugon sa hámong ito, inilunsad ng KWF ang proyektong Lingguwistikong Etnograpiya ng mga Wika ng Pilipinas noong 2018. Pagpapatúloy ito sa nasimulang gawain ng KWF sa pagdodokumento ng wika at kultura noong 2015. Higit na pinalawak ang saklaw ng saliksik at mas komprehensibo ang datos na inaasahang makálap. Ang pagsasakatuparan ng proyektong ito ay naging posible dahil sa suporta ni dáting Senador Loren Legarda, ngayon ay kinatawan ng Antique. Dahil sa suportang pinansiyal mula sa kaniyang opisina, nakapagbigay ang KWF ng *grant* para sa pagdodokumento ng 32 wika.

Sa pagtatapós ng proyekto noong 2020 ay nakapagdokumento ng 30 wika. Maraming natutuhan ang KWF sa pagsasagawa nitó na magiging pundasyon sa pagpapaunlad ng proyekto sa susunod na mga taon. Ninais man ng KWF na mailimbag ang lahat ng natápos na saliksik, mahigpit pa rin ang naging pamantayan sa pagsasagawa nitó. Gayunman, lubos ang pagbatì at pasasalamat ng KWF sa mga *grantee* at sa kaniláng institusyon na nakibahagi sa proyekto. Malaking bahagi rin ng

¹ UNESCO Ad Hoc Expert Group on Endangered Languages. *Language Vitality and Endangerment*. Paris: UNESCO, 2003.

² Himmelman, Nikolaus P. "Language Documentation: What is it and what is it good for?" Nása Gipper, Jost et al. (Eds.) *Essentials of Language Documentation*. Berlin: Walter de Gruyter GmbH & Co., 2006.

tagumpay ng proyekto ang suportang ibinigay ng mga pinunò at mga kasapi ng katutubong pamayanang kultural.

Ang proyektong ito ay simula pa lámang. Hangad ng KWF na magkaroon ng komprehensibong dokumentasyon ang lahat ng katutubong wika ng bansa na magpapakíta ng matálik na ugnayan ng wika at mga katutubong karanasan at kaalaman ng pangkáting etniko na nagmamay-ari nitó. Ang gawaing ito ay hindî káyang gampanan ng KWF nang mag-isa. Kayâ, hinihikayat namin ang suporta at pagtataguyod ng mga iskolar ng wika, akademya, institusyon ng pamahalaán, at ng mga pinunò at mga kasapi ng mga katutubong pamayanang kultural upang maisakatuparan ang hangaring ito.

Sangay ng Salita at Gramatika

TALAAAN NG NILALAMAN

Paunang Salita	3
Talaan ng Nilalaman	5
Introduksiyon	7
Heograpiya	9
Lungsod Zamboanga	9
Bud Bongao	10
Basilan	11
Sulu	12
Pagkakakilanlan ng Pangkat	13
Sama Badjao	13
Sama Bangingi	15
Sama Pangutaran	16
Sama Laminusa	17
Sama Tawi-tawi	18
Sitwasyong Pangwika	19
Varayti ng Sinama	19
Estruktura ng Komunidad	21
Kámpung o Lahásiyà: Pamilyang Sáma	21
Pamayà-Mayà at Pagkáwin: Mga Kaugalian sa Panliligaw at Kasal	25
Pakikisalamuha ng mga Sama	29
Sistema ng Pamamahala	29
Batas at Sistemang Pangkatarungan	31
Sistemang Pangkabuhayan	32
Paggawa at Pagtitinda ng Pagkain	33
Kaugalian sa Paggawa ng Katutubong Kakanin	33
Pagkokopra	39
Paglalatu at Pag-aagal-agal	40
Turismo	41
Pangingisda	43
Relihiyon	45
Kaugalian sa Paglulupa	55

Materyal at Di-Materyal na Kultura at Tradisyon	56
Páyag-Páyag, Bálung-Bálung, at Lépa: Anyo ng Tahanan	56
Mga Katutubong Kasuotan	60
Paghahabi	62
Mga Katutubong Palamuti	63
Mga Katutubong Kasangkapan	66
Mga Katutubong Intrumentong Pangmusika	69
Mga Katutubong Awit	71
Haylaya: Pagdiriwang ng Hariraya	75
Mga Katutubong Sayaw	76
Paglalaro	79
Siklo ng Búhay	81
Kaugalian at Paniniwala sa Pagbubuntis	81
Kaugalian at Paniniwala sa Panganganak	81
Mga Kaugalian sa Paglilibing	83
Partisipasyon sa Pambansang Kultura	84
Edukasyon	84
Kalusugan at Medisina	87
Kaugalian sa Pagkakasakit	89
Kaugalian at Paniniwala sa Pangangisda	90
Pagpapanatili ng Katutubong Karunungan	91
Pagtanaw at Tugon ng Komunidad sa Kalagayan ng Kanilang	92
Wika at Kultura	
Mga Sanggunian	95
Apendiks	97
Glosaryo	97
Wordlists	105
Mga Informant	120
Mga Mananaliksik	129

INTRODUKSIYON

Ang Pilipinas ay isa sa mga bansang maituturing na mayaman sa kultura at wika. Ang kayamanang ito ay buháy na buháy hanggang sa kasalukuyang henerasyon na minána ng mga Pilipino mula sa mga ninunò. Ang bawat pangkat-etniko na kinabibilangan ng mga Pilipino ay may kani-kaniyang katawagan at pagkakakilanlan. Kayâ, ang pagkakaroon ng sariling pagkakakilanlan ay iniingatan at ipinagmamalaki ng bawat lahing Pilipino sa loob at labas ng bansa.

Saksi ang mga Pilipino kung paano ipinaglaban ng magigiting na mga bayani ng Pilipinas ang sariling wika at kultura. Kayâ naman, hanggang ngayon ay tinatamása pa rin ng mga Pilipino ang kalayaan sa paggamit ng kani-kaniyang unang wika. Lalo pang pinauunlad nitó ang kinagisnang kultura. Naipakikíta ito sa pamamagitan ng kanilang patúloy na pagtangkilik sa paggamit ng wikang Filipino at pagpapahalaga sa kani-kanilang ipinagmamalaking kultura.



Larawan 1. Mapa ng Mindanao kung saan matatagpuan ang Lungsod Zamboanga, probinsya ng Basilan, Jolo Sulu, at Tawi-Tawi

Sa Mindanao matatagpuan ang sumusunod na pangkat-etniko: Meranaw, Maguindanao, Tausug, Yakan, Kalibugan, Subanon/Subanen, Sáma Bajao, Sáma Bangingì, Sáma Pangutaran, Sáma Laminusa, Sáma Tawi-Tawi, at iba pa. Bawat isa ay may kani-kaniyang kultura at wikang kinabibilangan at pinahalagahan. Isa sa mga pangkat-etniko na mayaman ang kultura at may pagmamahal sa wika ay ang mga Sáma. Bagama't karamihan sa mga pangkat ng Sáma ay naninirahan sa mga malalayo at kubling lugar, hindi nahuhulí ang kanilang kultura. Batid nilang mayaman din sa kultura ang kanilang pangkat kagaya ng ibang pangkat-etniko ng Pilipinas.

Ngunit, kasabay ng unti-unting pag-unlad ng Pilipinas ay ang pagbabago sa wika at kultura ng mga Sáma. Ang ilan sa kanila ay patúloy na iniingatan ang mga minánang tradisyon, paniniwala, kaugalian, at wika. Ang iba naman ay dahan-dahan nang niyayakap ang mundo ng pag-unlad. Kasabay ng pagyakap sa mundo ng kalinangan ay ang pag-unlad ng kanilang pamumuhay at pagbabago sa kanilang wika.

Unti-unting natutuhan at naunawaan ng mga Sáma ang ibang wika. At dahil sa pagbabagong nagaganap sa pang-araw-araw na pakikisalamuha sa ibang pangkat-etniko, kapansin-pansin na may iilan sa kanila ang nakalilimot na sa mga pamána o kultura ng kanilang pangkat. May pagbabago rin sa kabuhayan ng mga katutubong Sáma—ang tinatawag na mga táong-dagat ay makikíta na rin sa lansangan; ang mga Sáma na kulang sa akses sa edukasyon noon ay mayroon nang magandang propesyon.

Ang mga binanggit na obserbasyon ang nag-udyok sa mga mananaliksik na gumawa ng etnolingguwistikong pag-aaral tungkol sa mga Sáma na naninirahan sa Zamboanga, Basilan, Sulu, at Tawi-Tawi (ZAMBASULTA).

Ginamit ang gabay sa Lingguwistikong Etnograpiya ng Pilipinas sa paraang kuwalitatibo. Saklaw ng pag-aaral na ito ang wika at kultura ng mga Sáma ng Taluksangay, Simariki, at Maasin sa Zamboanga; Malamawi, Brgy. Tampalan, at Brgy. Lukbutun sa Basilan; at Laminusa at Pangutaran sa Sulu.

Mga Mananaliksik

HEOGRAPIYA

Lungsod Zamboanga

Ang Lungsod Zamboanga ay tinaguriang isang urbanisadong lungsod sa tangway ng Zamboanga at bahagi ng kapuluang Mindanao ng Pilipinas. Ito ay matatagpuan sa bahaging silangan at timog-silangan ng Dagat Sulu, sa hilaga ng kipot ng Basilan, at kanluran ng Golpo ng Moro. Makikita rito ang mga bundok ng Pulo ng Basilan mula sa lungsod lalo na sa Pulông Bato ng Abong-Abong, Pasonanca sa may nakatirik na malaking krus. Ito ay may kabuoang erya na 1,483.38 kilometro parisukat at ikatlong pinakamalaking lungsod ng Pilipinas batay sa sukat ng lupa. Matatagpuan dito ang mga Sáma Bajao at Sáma Bangingi.

Ang Lungsod Zamboanga ay dáting binansagan na **Samboangan**. Ang lugar ay itinatag ng mga mamamayan na Subanen noong panahon bago dumating ang mga Espanyol. Naging lunan ito ng pangangalakal ng mga Tsino, Malay, at iba't ibang katutubong etniko na nása erya. Noong 1935, sinimulang itayô ang bantog na Fort Pilar. Sa pagtugon ng kalayaang mula sa Espanya, ang Zamboanga ay naideklarang Republika ng Zamboanga na nagtagal hanggang 1903.



Larawan 2. Mapa ng Zamboanga kung saan
Matatagpuan ang Barangay ng Maasin, Simariki, at Taluksangay

Pagkatapos ng isinagawang interbensiyon ng mga Amerikano, ang Zamboanga ay naisama sa kanilang pagsakop sa Pilipinas at naging kabisera ng Moro Province (ngayon ay Mindanao) mulang 1903–1913. Noong 12 Oktubre 1936, ang Lungsod Zamboanga ay naging establisadong lungsod sa ilalim ng Commonwealth Act Blg. 39. Ito ay naitalaga noong 26 Pebrero 1937 na idineklarang pista opisyal.

Bud Bongao



Larawan 3. Bud Bongao, Sanga-Sanga, Bongao, Tawi-Tawi


Ang **Bud Bongao** ay hango sa salitang **bud** o bundok at **bangaw** o kalaw na tahanan ng mga ibong Kalaw. Ayon sa kuwento ng informant na si Gapaluddin J. Aluddin, nagsimula ang katawagang Bud Bongao nang nagtanong ang isang Amerikano sa mga katutubo tungkol sa pangalan ng bundok. Agad namang binanggit ng mga katutubo ang pangalang **bud bangaw**. Pa-slang ang bigkas ng Amerikano sa salitang **bud bangaw** na naging bud bongao hanggang sa nagpasalin-salin ito mga bibig ng mga katutubo ng Tawi-Tawi. Sa kabuoan, ito ay may populasyon na 100,527 ayon sa nakatalâ sa census noong 2015.

Kilala ang **Bud Bongao** na isa sa pinakabantog at ipinagmamalaking *tourist spot* na matatagpuan sa Sanga-Sanga, Bongao, Tawi-Tawi. Itinuturing ito na isang sagradong bundok sapagkat may paniniwala na kapag nangako ang isang tao na aakyat ang bundok ay dapat niyang tutuparin. Sa oras na hindi ito natupad, maaaring may masamang mangyari sa táong nangako at maging sa kaniyang pamilya. Ayon sa informant na si HadjaNur Ain Aurora B. Dais, ang sinumang makaaakyat sa pinakatuktok nitó ay maaaring humiling at ito ay matutupad. Kailangang magdasal nang buong puso sa **támpat** o dambana na pinaniniwalaang dáting lugar ng tatlong magkakapatid na sultan kayâ may tatlo ring **támpat** sa tuktok nitó. Ang Bundok ng Bongao ay sagana sa iba't ibang klase ng punò at mga hayop tulad ng bayawak at mga unggoy. Kayâ, maraming mga bakasyonista ang nagnanais na umakyat sa bundok. Bagama't dumaan man sila sa matinding págod sa pag-akyat, nakamamanghang karanasan ang kanilang nararamdaman kapag narating nila ang pinakatuktok ng bundok.

Basilan

Ang Basilan ay isa sa mga probinsiya ng Autonomous Region of Muslim Mindanao (ARMM). Ang barangay Tampalan ay may naitalâng kabouang populasyon na 4,101 at ang barangay Lukbutun naman ay may 1,978 bílang ng mga Sáma ayon sa census noong 2015. Isabela ang kabisera nitó na matatagpuan sa katimugang pampang ng tangway ng Zamboanga.

Ang islang ito ay naliligiran ng Kipot ng Basilan sa gawing hilaga, ng Dagat Sulu na nása hilagang-kanluran, ng Golpo ng Moro na nása hilagang-kanluran, at ng Dagat Celebes sa timog hanggang silangan. Ayon sa informant, ang Basilan ay tinawag na **Pasángan** ng mga pangkat-etniko ng Yakan na ang ibig sabihin ay pares dahil sa dalawang bundok na magkaugnay. Hanggang sa kasalukuyan ay tinatawag pa rin ng mga **kamáttoahan** o matatanda na **Pasángan** ang lugar. Samantala, ayon sa iba pang informant, ang Basilan ay hango sa wikang Yakan na **basì** na ang ibig sabihin ay bákal. Pinaniniwalaang bago naging pulo ang lugar, may isang malaking barko na gawa sa bakal ang napadpad sa karagatan ng Basilan at mula sa barkong bákal, ito ay naging isla.



Larawan 4. Mapa ng Basilan na matatagpuan ang barangay ng Tampalan at Lukbutun sa Isla ng Malamawi na mga lugar na saklaw ng pag-aaral.

Samantala ayon naman sa kasaysayan, ang sinaunang katawagan sa Isla ng Basilan ay **Tagime**. Pangalan ito ng datu na namunò sa malaking bahagi ng isla bago

dumating ang mga Kastila sa Basilan. Pagkaraan ng ilang taon, ang Basilan ay nagkaroon naman ng ibang pangalan. Ito ay tinawag nilang **Uleyan** na hinango sa pangalan ng isang bundok na matatagpuan sa pinakasentro ng isla. Hindi nagtagal, napalitan naman ito ng ibang katawagan na ipinangalan sa Bundok Matangal na makikita sa Tuburan. Ang ibang ibinigay na pangalan naman ay **Puh Gulangan** o isla ng kagubatan, **Umus Tambun** o *fertile land*, **Kumalarang** na ipinangalan sa ilog, **Baunuh Peggesan**, at sa kalaunan ay naging **Basih Balan**.¹

Dagdag pa rito, ang pangalang **Basih Balan** ay nagmula sa labanán sa pagitan ng mga Kastila at mga katutubo. Pinamunuan ni Sultan Kudarat ang mga katutubo kasáma ang kaniyang mga magigiting na mandirigma na sina Apuh Menggah, Apuh Dagang, at Apuh Batilan. Nakamit ng pangkat nina Sultan Kudarat ang tagumpay sa pakikipaglaban sa mga Kastila. Dito na nabuo ang katawagang **Basih Balan** na hango sa alamat ng kanilang sandata na tinatawag na **pira** na yari sa **basih** na ang ibig sabihin ay *iron* at **balan** na ang kahulugan ay *magnetic*. Sa pagsasáma ng dalawang salita, ito ay naging **Basih Balan**. Nang isinulat ng mga sinaunang historyador ang pangalan ng probinsiya, ito ay kanilang pinaikli at naging Basilan. Hanggang sa kasalukuyan, ang katawagang ito ay nananatili pa rin. Ang Basilan ay nakahiwalay sa pinakasentro ng Mindanao sa pamamagitan ng kipot na may 17 milya na sinasaklaw nitó.²

Sulu

Ang Sulu ay isang lalawigan na bahagi ng Sulu Arkipelago sa pinakadulo ng katimugang bahagi ng Pilipinas. Nása pagitan ito ng Dagat Celebes at binubuo ng 400 na nakakálat at layo-layong maliliit na pulo. Ito ay bahagi ng Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM). Ang kabouang sukat ng Sulu ay 1,600.4 kilometro parisukat at panlabinlimang pinakamalaking pulo ng Pilipinas. Bahasa Sug ang pangunahing wika na sinasalita dito. Gayunman, mayroon ding mga Sáma na nakatirá sa lugar na ito. Sila ay naninirahan sa bangkang-bahay at pangingisda naman ang kanilang pangunahing hanapbuhay.³

Ang Sulu ay isang islamikong kaharian na itinatag bílang isang sultanato noong 1450 ni Rajah Baguinda. Bagama't hindi na kinikilala ang sultanato na isang estado, marami pa ring indibidwal na umaangkin ng titulong **Sultan ng Sulu** at **Hilagang Borneo**. Noóng 2013, ang sultanatong si Jamalul Kiram III ay sumugod sa nayon ng Lahad Datu sa Malaysia upang ipaalam sa kanilang pamahalan na kanilang ninuno ang tunay na nagmamay-ari ng lupa.⁴

1 Bas_PDPFP--_CCA_Final.pdf

2 Ibid

3 google.com/search?rlz=1C1GGRV_enPH762PH763&ei

4 Ibid

Ang lalawigan ng Sulu ay nahahati sa labinsiyam na bayan; Hadji Panglima Tahil, Indanan, Jolo, Kalingalan Caluang, Lugus, Luuk, Maimbung, Old Panamao, Omar. Pandami, Panglima (ngayon ay Panamao), Pangutaran, Parang, Pata. Patikul, Siasi, Talipao, Tapul, at Tongkil.

Samantala, halos magkakatulad ang mga pahayag ng mga **kamáttoahan** o ninunò ng mga Sáma tungkol sa kanilang kasaysayan. Ayon sa pag-aaral ni Abdurajak (2014), ang mga Sáma ay nagmula sa karagatan ng Borneo at dalá ng paglipat-lipat sa kani-kanilang tiráhan at pamumuhay sa mga isla ng Sulu, nabuo ang baryasyon ng wikang Sáma. Ayon sa kanila, ang mga ninuno ng Sáma ay nabubúhay sa pangingisda. Kayâ, ang katutubong tahanan nila ay **pélang** o bahay-bangka. Sa kasalukuyan, bihira nang makikita ang **pélang** sa karagatan ng Sulu. Bagkus, karamihan ay nása tabíng-dagat dalá ng kanilang hanapbuhay. Pangkat-pangkat ang mga bahay ng Sáma sa mga komunidad na kanilang kinabibilangan.⁵

PAGKAKAKILANLAN NG PANGKAT

Ang pangkat ng mga Sáma ay isa sa mga pangkat-etniko ng Pilipinas na kinikilala ng Pambansang Komisyon para sa mga Katutubong Mamamayan ng Rehiyon IX. Matatagpuan sila sa timog Mindanao partikular na sa Zamboanga, Basilan, Sulu, at Tawi-Tawi. Mauuri ang Sáma sa sumusunod: Sáma Bangingì, Sáma Bajao, Sáma Laminusa, Sáma Pangutaran, at Sáma Tawi-Tawi.

Ayon kay Govinski (2012), mayroong dalawang kategorya ang Sáma: una ay tinawag na Sáma Deleya at Sáma Dilaut. Dagdag pa niya, ang Sáma Deleya ay mga táong nakatirá sa lupa samantalang ang Sáma Dilaut naman ay mga naninirahan sa tabíng-dagat. Mayroon ding mga Sáma na naninirahan sa bahagi ng Sulu at Tawi-Tawi. Sila ay tinatawag na mga Sáma Laminusa, Sáma Pangutaran, at Sáma Tawi-Tawi na hinango sa lugar na kanilang kinabibilangan o pinagmulan.

Sáma Badjao

Ang mga Sáma Badjao ng Taluksangay at Maasin ng Lungsod Zamboanga at barangay Tampalan sa Isabela, Basilan ay nakatirá sa baybayin na pinatotohanan ni Lebar (1983) na ang mga Badjao ay mga *sea gypsies*. Ang mga Bajao ay kilala din sa katawagang *sea gypsies*, *boat people*, o *sea dwellers* ng Sulu at Dagat Celebes. Ang pangalang Bajao, ay salitâng Malay-Bornean na nagpapahiwatig ng *Man of the Seas* o *Orang Laut* sa Bahasa Malayo. **Samal Palau** (*Outcast Samal*) o **Luwa-an** (*God Forsaken*) ang bansag sa kanila ng mga Muslim at Sama. (Lebar 1983).⁶

5 Abdurajak (2014), "Mga Awiting Bayan ng mga Bajao sa Taluksangay sa Lungsod Zamboanga" thesis. Zamboanga A.E. Colleges

6 Lebar, Frank M. (1983). *Ethnic Groups of Insular Southeast Asia*. Human Relations Area Files Press, New Haven, Vol.2: Philippine and Formosa.



Larawan 5. Sama Badjao

Sa pisikal na paglalarawan, sila ay may kayumangging balát at Pilipinong pangangatawan. Tinataglay nila ang mga katangian gaya ng pagiging masipag. Mahilig silang mangisda para matustusan ang pang-araw-araw na pangangailangan. Matipid din sila sapagkat walang hilig o luho sa iba-ibang kasiyahan. Taglay din nila ang pagiging mahiyain sa iba at pagiging mabait dahil hindi nila ugaling makisangkot sa gulo.

Samantala, ang uri ng pamumuhay ng mga Bajao sa Taluksangay, Maasin, at Tampalan ay payak sapagkat karamihan ay nakatirá sa **payág-páyag** o bahay-kubo na gawa sa tabla, sawali, at nipà. Mayroon din namang iilan na Sáma Bajao na nakatirá sa *semi-concrete* na bahay sa Tampalan, Isabela, Basilan. Sa kanilang tahanan ginagawa ng mga matatandang babae ang paghahabi ng banig at ng mga lalaki ang paggawa ng bangka. Hindi rin sila pahuhulí sa isport sapagkat kinahihiligan nilang maglaro ng balibol bílang bahagi ng kanilang libangan. Dagdag pa rito, kinahihiligan nilang magsuot ng tapis na batik. Mahilig din sila sa mga makukulay na bagay tuwing may mga espesyal na okasyon tulad ng kasalan.

Ayon sa artikulo ni Jahuran (2018) na *Language and Literature Development for the Education and Cultural Identity of the Sáma-Bajao*, ang wika ay isang palatandaan ng kultural na pagkakakilanlan ng mga Bajao. Ang kanilang wika ay nagmula sa iba't ibang sabgrup ng Kanlurang Malayo-Polynesian na bahagi ng wikang Austronesian.

Ang kanilang pagkakakilanlan bílang Sáma Bajao ay ang pangalang ibinigay ng mga táong nakapagsasalita ng Sináma na naninirahan sa katimugang isla ng Pilipinas at sa insular ng timog-kanlurang Asya.

Samakatwid, ang mga Sáma ay matatagpuan sa Lungsod Zamboanga, Basilan, Jolo, Tawi-Tawi, at sa mga baybaying karagatan ng Mindanao. Kilala sila bílang mga táong-dagat dahil sa kanilang hanapbuhay. Ayon sa tribal chieftain ng mga Sáma Bajao na si Gng. Basaria Tahaji ng Maasin, Lungsod Zamboanga, ang dagat ay itinuturing nilang karugtong ng kanilang búhay sapagkat dito sila nabubúhay sa pamamagitan ng pangngisda. Dagdag pa niya, mas komportable sila kapag sila ay sa tabíng-dagat o sa dagat mismo maninirahan.

Samantala, Sáma Deleya o Sáma Tálon naman ang bansag kung pag-uuma ang hanapbuhay ng pangkat ng Sáma gaya ng Sáma Bangingi, Sáma Pangutaran, Sáma Laminusa, at iba pang pangkat ng mga Sáma.

Sa isinagawang sarbey ng mga mananaliksik, ang mga pangkat ng Sáma ay naninirahan sa tabíng-dagat partikular na ang mga Sáma Bajao. Karamihan sa mga Sáma ay makikita sa barangay Maasin na may populasyong 8,958 at sa barangay Taluksangay ay may populasyong 10,237 ayon sa census noong 2015.

Sáma Bangingi

Sa aklat na *Ethnic Groups of Insular Southeast Asia, Volume 2: Philippines and Formosa*, ang mga Bangingi ay laganap sa kanlurang bahagi ng pangkat ng mga Samal. Kilalang pamayanan ito na matatagpuan sa isla ng Samales na nása baybayin ng Basilan sa timog, kanlurang baybayin ng Tangway ng Zamboanga, sa interyor na baybayin ng Sibuguey, at sa Bayan ng Dumanquilas.⁷

Binansagan ng mga Bangingi ang kanilang sarili bílang Sáma Balangingi. Kinikilala nila ang kanilang lingguwistikong pangkat sa ibang kanluraning pangkat ng mga Samal. Subalit, itinuturing nila ang kanilang mga sarili na iba at *internally homogenous bangsa (people)* na nabibílang sa malaking pangkat ng mga Pilipinong Muslim o *bangsa muslim*. Ang lugar na kanilang tiráhan ay madalas matatagpuan na malápit sa **sahasà** na isang bahura o *coral reefs* at sa malaking erya ng sapa ng mga bakawan.

Ang mga tagatimog na Sáma Bangingi ay naninirahan sa mga isla ng Sulu at sa mga baybayin ng Mindanao. Bahagi rin sila ng malaking pangkat ng mga Sáma. Sila ay gumagamit ng barayti ng Sáma. Ang bawat pangkat ng Sáma gaya ng timog Sinama ay nakikilala sa pamamagitan ng kanilang diyalekto at heograpikong lokasyon. May mga Sáma na naninirahan sa hilagang kanluran ng Mindanao at maging sa timog silangan ng Sulu. Kilala rin sila na táong-dagat.

⁷ Ibid



Larawan 6. Sama Bangingì

Ang Sáma Bangingì ng Taluksangay, Simariki, at Lukbuton ay may kayumangging balát, makisig at matipunong pangangatawan. Sila ay edukado sapagkat mataas ang kanilang pinag-aralan na naglilingkod sa pribado at publikong sektor.

Sáma Pangutaran

Ang Sáma Pangutaran ay kilala sa katawagang **siyáma** na wika ng mga Sáma ng Sulu Arkipelago. Ito ay may kabuoang populasyon na 4,871. Ayon sa kasaysayan, ang Sáma Pangutaran ay naninirahan sa pinakamalaking bahagi ng Sulu Arkipelago, sa pagitan ng Pilipinas at malaking isla ng Borneo.

Ayon sa informant na si Al Azis Adilon, ang salitâng **pangutaran** ay hango sa pangalan ni Pangutaran na isa sa mga tauhan ng sultan ng Sulu na inatasang tumungo sa isla. Nagkaroon ng labanán at nagtagumpay sila lában sa mga Kastila. Kayâ, sa utos ng sultan ng Sulu ay ipinangalan ang isla kay Pangutaran bílang pagtanaw ng utang na loob sa kaniyang katapangan at pagiging bayani ng Sulu. Ang mga Sáma Pangutaran ay maituturing na sabgrup na kabílang sa malaking pangkat ng Sáma. Ginagamit nila ang wikang Pangutaran na isa sa barayti ng Sináma.



Larawan 7. Sama Pangutaran

Sáma Laminusa

Ang Sáma Laminusa ay matatagpuan sa Siasi, Sulu na may populasyong 669. Ang Laminusa ay hango sa dalawang salitâng Sáma na **lâmi** o sayá at **sùsa** o lungkot.



Larawan 8. Sama Laminusa

Ayon sa informant na si Lerma G. Saipudin, ang mga mamamayan ng isla ay masayang-masaya kapag nagtitipon-tipon sa mga okasyon tulad ng **puása** o buwan ng pagtitiis, buwan ng pag-aayuno o **Ramadan**, at **tàmpil** o araw ng mga patay. Buháy na buháy ang isla sa dami ng dumarayong mga tao kayâ binansagan itong **làmi**. Pagkatapos ng okasyon, bumabalik sa kani-kanilang mga bayan ang ilan sa mga Sáma na nakapag-asawa at lumipat ng ibang bayan. Dahil dito, nalulungkot at nag-aalala ang mga Sáma kayâ ito ay binansagang **súsa**.

Sáma Tawi-Tawi

Ayon sa kasaysayan, ang Tawi-Tawi ay dáting bahagi ng probinsiya ng Sulu. Noong 11 Setyembre 1973, alinsunod sa *Presidential Decree Blg. 302*, ang bagong probinsiya ng Tawi-Tawi ay opisyal na nalikha at hiwalay sa Sulu. Ang kinaroroonan ng kanilang panlalawigang pamahalaan ay naitatag sa Bongao.

Ito'y isang lalawigan sa rehiyon ng BARMM na may tatlong pangkat ng mga pulo na binubuo ng 307 na malalaki at maliliit na pulo. Ang mga kabisera nitó ay ang Bongao at ang Panglíma Sugala. Pinakatimog na lalawigan ang Tawi-Tawi sa Pilipinas. Matatagpuan sa hilagang silangan ng lalawigan ang Sulu at sa kanluran ang Sabah at Malaysia. Tinatáyang 90% ng mga naninirahan dito ay Muslim. Apat na pamayanang kultural ang naninirahan dito: Samal, Bajao, Jama-Mapun, at Tausug. Tinatáyang ito ay may populasyon na 390,715 batay sa census ng 2015.⁸

Ang katawagang Tawi-Tawi ay nanggaling sa salitang Malay na **jáui** na ang ibig sabihin ay *far away* dahil sa layo o distansiya ng mga isla sa kontinente ng Asya. Ang salitang Tawi-Tawi ay napili na sa kalaunan na naging opisyal na pangalan ng probinsiya. Ito ay nahahati sa labing-isang bayan: Bongao, Languyan, Mapun (Cagayan de Tawi-Tawi), Panglima Sugala (Balimbing), Sapa-Sapa, Sibutu, Simunul, Sitangkai, South Ubian, Tandubas, at Turtle Islands. Ang kabouang sukat ng erya ng lupain ay tinatáyang 114.9 kilometrong parisukat na may malawak na ayos o anyo ng lupa. Ang probinsiya ay may populasyong 250,718 na nahahati sa sampung munisipalidad. Ang pangkalahatang klima ay malamig at mahangin-hangin sa mga nása baybaying bahagi at mainit naman sa buong isla. Ang tag-ulan ay nagsisimula tuwing buwan ng Agosto at nagtatapos hanggang Nobyembre. Ang karamihan sa mga yaman ng Tawi-Tawi ay ang kanilang dagat, mga magagandang tanawin gaya ng mga *white sand beaches*, at ang kasaganaan sa *coral reefs*.⁹

⁸ https://familysearch.org/wiki/en/Tawi-Tawi_Island

⁹ Ibid

SITWASYONG PANGWIKA

Isa sa mga pangkat-etniko na matatagpuan sa Zamboanga, Basilan, Sulu at Tawi-Tawi (ZAMBASULTA) ay ang mga Sáma. Tinatawag nila ang mga kanilang sarili ayon sa kanilang diyalektong ginagamit na sumasalamin sa pagkakakilanlan ng kanilang pangkat. Sa Lungsod Zamboanga, matatagpuan ang ilang pangkat ng Sáma gaya ng Sáma Bajao na nása barangay Maasin at Taluksangay. Samantala, ang Sáma Bangingì naman ay matatagpuan sa barangay ng Taluksangay at isla ng Simariki. Mayroon ding mga Sáma na matatagpuan sa bayan ng Basilan gaya ng mga Sáma Bajao ng isla ng Tampalan at Sáma Bangingì ng Lukbuton. Ang Sáma Pangutaran at Sáma Laminusa ay kabílang sa Sáma ng Sulu habang Sáma Tawi-Tawi naman ang tawag sa mga Sáma ng Sanga-Sanga, Tawi-Tawi. Tinatawag sila ng mga táong tagalabas na Siamal, Sináma, at Sámál. Ayon sa mga informant na nakapanayam, ang Sáma ay nangangahulugan ng sama-sama at tulong-tulong sa mga pang-araw-araw na gawain at sama-sama sa mga paglalakbay. Kilala ang Sáma Bajao bílang pinakasimpleng tao sa lahat ng Sáma sa Pilipinas dahil sa kanilang pananamit at estado ng edukasyon.

Sa sitwasyong pangwika, may mga salitâng Sáma na pareho sa ponolohikal na aspekto sa Filipino. Halimbawa, ang salitâng halos magkapareho ang baybay at bigkas gaya **anak** sa Sáma ay anak din sa Filipino na pareho ang kahulugan at malumanay ang pagbigkas; **kilay** sa Sáma na kilay rin sa Filipino; **kúting** sa Sáma na kuting din sa Filipino; **yoyo** sa Sáma na yoyo rin sa Filipino; at **oregano** sa Sáma na oregano rin sa Filipino. May pagkakataon ding may mga salita na halos magkapareho ang baybay at bigkas maliban lamang sa isang ponema na iisa ang kahulugan: **gulung** sa Sáma samantálang gulong sa Filipino na tumutukoy gulong ng sasakyan; **manuk** sa Sáma samantálang manok Filipino; at **agung** sa Sama samantálang agong sa Filipino. Ang mga salitâng ito ay karaniwan sa mga Sáma na kanilang ginagamit sa pang-araw-araw na komunikasyon.

Varayti ng Sináma

Sináma ang tawag sa wika ng mga pangkat-etnikong Sáma. Subalit, ang diyalekto na kanilang ginagamit ay naayon sa lugar na kanilang kinalakihan. Katulad ng Samá Pangutaran at Sáma Laminusa, sila ay nagkakaunawaan gámit ang kanilang wika sa pakikipag-usap. Subalit, may pagkakataon na magkaiba ang ilan sa kanilang mga salita tulad ng **sálung**, **sáwng**, at **pahálu** na isa lang ang kahulugan—*búkas o tomorrow*.

Hinggil sa kasalukuyang distribusyon ng wika ng mga Sáma-Bajáo, inilarawan sa disertasyon ni Miller (2007 mula sa pag-aaral ni Ruhlen ang tungkol sa *Identification of the Sama-Bajao Languages as Forming One of the Eleven sub-groups of the Western Malayo-Polynesian Branch of the Austronesian Languages*. Binanggit din ni Miller ang tungkol sa pag-aaral ni Grimes (2005), na sa siyam na wika, pitó rito ang ginagamit at sinasalita sa Pilipinas at karamihan ay ginagamit o sinasalita sa rehiyon ng Sulu na nása

katimugan ng Pilipinas. Ito’y ang sumusunod: 1) Balangingì (Bangingi o Hilagang Sáma na sinasalita sa pangkat ng mga Bangingì sa pagitan ng Isla ng Sulu at Lungsod Zamboanga; 2) Siasi Sáma (Samal o Sentral Sáma na sinasalita sa Siasi, Sulu; 3) Sináma (timog Sama na sinasalita sa pangkat ng isla sa Tawi-Tawi); 4) Pangutaran Sáma (wikang sinasalita sa Pangutaran, Sulu); 5) Mapun (wikang sinasalita ng mga Jama Mapun ng Cagayan de Tawi-Tawi); 6) Yakan (wikang sinasalita ng mga Yakan ng Basilan); 7) Abaknon/Inabaknon (wikang sinasalita sa ibang bahagi ng hilagang Samar, rehiyon ng kanlurang Visayas, Kipot ng San Bernardino, Isla ng Capul, at silangang baybayin na nakaharap sa Maynila). Ang ibang dalawang wika ng Sáma-Bajao ay ang Indonesian Bajao na pangunahing sinasalita sa bandang baybayin ng Sulawesi; at ang isa naman ay ang West Coast Bajao na nása sentro ng Borneo sa Sabah.¹⁰

Sa kasalukuyan, halos 90% ng mga katutubo ang nakapagsasalita pa rin ng kanilang wika ayon sa mga nakapanayam na mga guro at prinsipal sa Indigeneous People Education (IPED) ng Kagawaran ng Edukasyon. Samantala, 60% sa mga Sáma ang nakapagsasalita ng Bahása Sug dalá ng kanilang pakikipag-ugnayan sa pang-araw-araw na gawain at hanapbuhay. Kayâ, ginagamit ang lingua franca na Bahása Sug na dominanteng wika sa bandang kanluran ng Mindanao. Ang mga magulang at anak na nakapag-aral ay nakapagsasalita ng wikang Filipino na natutuhan sa panonood ng telebisyon at sa paaralan. Ayon sa prinsipal na si G. Jul Muhammad, isang Bajao ng Basilan at guro sa Bajao Floating Elementary School, 95% sa kanilang mga mag-aaral ay Sáma.



Larawan 9. Mga Mag-aaral ng Bajao Floating Elementary School sa Tampalan, Malamawi Island, Isabela, Basilan

¹⁰ Mark Miller, “A Grammar of the West Coast Badjao,” (disertasyon Ph.d. University of Texas at Arlington, 2007), p. 2.

Ayon kay Gng. Solita U. Falcasantos, guro sa Yusop Dais Elementary School, Sanga-Sanga, Bongao, Tawi-Tawi, simula nang nagkaroon ng Programang Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4P's), malaki ang naitulong nitó upang matugunan ang pangangailangang pinansiyal sa pagpapaaral ng kanilang mga anak. Ayon pa sa informant, tinatáyang 10%–50% lámang na mga katutubong Sáma ang nakakapag-aral. Subalit, sa kasalukuyan ay tinatáyang 60%–80% na sa mga Sáma ang nag-aaral o ang nakapagtamo ng pormal na edukasyon. Kayâ, mangilan-ngilan na sa kanila ang naging propesyonal na guro, pulis, *coastguard*, empleado sa opisina, at nangingibang bansa.



Larawan 10. Mga Mag-aaral ng Yusop Dais Elementary School, Sanga-Sanga, Tawi-Tawi

ESTRUKTURA NG KOMUNIDAD

Kámpung o Lahásiyà: Pamilyang Sáma

Mahalaga sa mga Sáma ang ugnayan ng kanilang pamilya sa isa't isa. Mapapansin sa kanilang komunidad na pangkat-pangkat at magkakamag-anak ang mga Sáma sa isang komunidad. Karaniwan, ang isang pamilya ay may anim hanggang walong anak. Ayon sa mga magulang, ang maraming anak ay maraming katuwang sa paghahanapbuhay. Pag-amin din ng iilan sa mga informant, ang kawalan ng edukasyon sa pagpapalano ng pamilya ay salik din sa pagkakaroon ng malaking pamilya. Dumarami ang kanilang **kámpung** sa pamamagitan ng pag-aasawa sa kapuwa-Sáma. Napakahalaga ng **káwin** o kasal para sa kanila. Ito ay itinuturing na sagradong ritwal sa babae at lalaki bago makabuo ng isang pamilya.

Mmà o ama ang kinikilalang padre de pamilya sa kanilang tahanan. Responsibilidad ng isang ama ang pangangailangan ng pamilya tulad ng bahay,

pagkain, damit, alahas, at iba pa. Ang ama ang nagdidisiplina sa mga anak nang sa gayon lumaki silang matino at disipulado. Ang ina naman ang naiiwan sa bahay upang aasikasuhin ang kanilang mga anak. Tungkulin rin niya ang pagdidisiplina sa mga supling habang wala ang ama sa bahay. Isinasaalang-alang nila bílang mga magulang ang pagkakaroon ng pantay-pantay na pakikitungo sa kanilang pamilya upang maiiwasan ang anumang gulo o di-pagkakaunawaan.



Larawan 11. Pamilyang Sama sa Sanga-Sanga, Tawi-Tawi

Sa paghahanapbuhay, nakasalalay sa ama o lalaki ang pang-araw-araw na pangangailangan ng pamilya tulad sa pangangisda. Ang anak na lalaki naman ang katuwang ng ama sa paggawa ng kagamitang pampangisda tulad ng **pagtapi** o paggawa ng bangkang **lépa**, **boggò**, at mga uri ng lambat na **sensóro**, **linggì** at ang **pissi** o bingwit. Ang anak na babae ang katuwang ng ina sa gawaing bahay tulad ng pagluluto, paghuhugas ng pinagkainan, pagwawalis, paglalaba, at minsang pagtulong sa pagbebenta ng isda, latû, hipon, alimango, at iba pang lamáng-dagat na inilalako sa mga bahay.

Sa usapin ng karapatan at kapangyarihan sa kasalukuyan, kinikilala rin ang opinyon at desisyon ng isang ina. Ang ama o nakatatandang lalaki ang siyang pinahahalagahan at iginagalang. Nakasalalay pa rin sa ama ang hulíng desisyon. Sapagkat, naniniwala ang mga Sáma na ang pagdedisyon ay mahalaga para sa kapakanan ng kaniyang pamilya. Ang ina ang pangunahing tagapagdisiplina sapagkat siya ang naiiwan sa bahay, lalo na kung ang ama ay abalá sa paghahanapbuhay. Noon, ang paraan ng pagdidisiplina ay sa pamamagitan ng pamamalò. Subalit, nang simulang ipatupad ang Bantay Bata Act, bihira na lámang ang pamamalò ng mga magulang sa kanilang mga anak. Sa halip, pinaalalahanan o pinapayuhan na lamang ang mga anak.

Ayon sa mga magulang na informant, mula pagkabatà ay nadidisciplina naman nila nang maayos ang kanilang mga anak upang lumaki ang mga ito na matino at masunurin sa mga magulang.



Larawan 12. Pagdedesisyon ng Ama sa Pamilya

Sa katunayan, ang mga Sáma ay nagpapahalaga sa kanilang mga kadugo. Likás sa kanila ang pagiging mapagbigay sa kapuwa gaya ng pagbibigay ng kanilang mga nahuhúling isda sa kapitbahay. Ang mga kapitbahay na hindi nila kadugo ay itinuturing din nilang kamag-anak kung marunong makitungo sa kanila.



Larawan 13. Pakikitungo ng mga Sama sa mga Tagalabas o Ibang Pangkat

Ang mga Sáma sa kasalukuyan ay hindi na naiilang tumanggap ng mga bisita—lalo na sa hindi nila kapuwa-Sama. Tinatawag nila ang mga ito batay sa pangkat na kanilang pinanggalingan—**aásuk** para sa mga Tausug at **bisayà** para sa mga Kristiyano. Kilala ang mga Sáma na mga táong mapagmahal sa kapayapaan o *peace loving people*. Sa ngayon, ang mga Sáma ay tumatanggap ng ibang pangkat na napapangasawa ng kanilang anak. Samantala, karamihan naman sa mga Sáma Dilaut ay nag-aasawa ng katulad o katribu nila. Kayâ, mapapansin sa mga wika na sinasalita ng mga Sáma ay may halong wika ng ibang pangkat-etniko tulad ng Bahása Sug. Halimbawa nitó, ang **lahásiyà/kámpung** o kamag-anak. Sa mga katutubong Sáma, ito ay **kámpung** o kamag-anak, samantala ang **lahásiyà** ay mula sa Sáma Tawi-Tawi. Nangangahulugan na ang Sináma ay yumayabong dahil sa pag-aasawahan sa ibang pangkat-etniko.



Larawan 14. Paglalaba ng Kababaihang Sama

Nakagawian na ng mga Sáma ang palagiang abalá sa kani-kanilang mga pang-araw-araw na gawain tulad ng paglalabada, pagsasalok ng tubig na kanilang gagamitin pampaligo, at paglilinis ng kanilang kapaligiran. Ang mga Sáma ay sadyang masisipag sa kani-kanilang mga gawain. Ang pang araw-araw nilang ginagawa ay itinuturing nilang isang pangkaraniwan na gawain lámang. Kayâ, ayon sa kanila, hindi nila nararamdaman ang págod sa pagtatrabaho. Ang kalalakihan naman ay mahusay sa paggawa ng mga bangka.



Larawan 15. Paggawa ng Bangka ng Kalalakihang Sama

Pamayà-Mayà at Pagkáwin: Mga Kaugalian sa Panliligaw at Kasal

Kinikilala ng mga Sáma ang kasal na sagradong bagay sa pag-aasawa. Kayâ naman, pinaghahandaang mabuti ang pagpaplano kung sino ang mapapangasawa ng kanilang anak na lalaki. Isa sa mga kaugalian ay ang mga magulang ng lalaki ang pipili kung kaninong anak na babae ang nais mapangasawa ng kanilang anak. Mahalaga sa mga Sáma na matatanggap sila ng pamilya ng babae bílang mga **pamíkitan** o bahagi ng kanilang pamilya. Mamanhikan sa tahanan ng magulang ng babae ang pamilya ng lalaki. Sasabihin ng mamamagitan ang kanilang pakay na mamanhikan sa kanilang anak. Pagkatapos, pag-uusapan ng dalawang panig ang **dóri** na hudyat ng pagsang-ayon sa mga bagay na kakailanganin para sa paghahanda sa gaganaping kasalan. Halimbawa ng **dóri** ang pera, ginto, **malígay**, báka, manok, isda, bigas, asukal, harina, láta ng mantika, mga inúmin, at iba pa. Ang **malígay** ay isang bagay na lagayan ng mga katutubong pagkain na gawa sa harina tulad ng **jáa** at **panyám**. Mayroong perang nakalagay sa patpat na nakapaligid sa kahoy na hugis kuwadrado. Subalit, ipinaliwanag ni Panglima Amilpasa T. Bandaying, dáting tagapangulo ng Indigenous People Council of Leader ng Lungsod Zamboanga na hanggang sa kasalukuyan ay kasapi pa rin ng nasabing NGO, na ayon sa isinasaad sa **Sharia'h** o batas ng Islam, kapag may namamanhikan sa isang babae, dapat makíta niya ang lalaking mapapangasawa at ang **mahár** o dote ay mapasakaniya upang matiyak na siya ay hindi na maghihirap.



Larawan 16. Bangka na mayroong Sambúlayang o Bandera na nangangahulugang may gaganaping Pamamanhikan



Larawan 17. Pagkáwin o Pagkakasal sa Barangay Tampalan, Isla ng Malamawi, Isabela, Basilan

Sa katunayan, may mga Sáma rin na may sariling estilo sa kanilang panliligaw sa kanilang mga sinisinta na sadyang kaiba sa kanilang kultura. Isang halimbawa nitó ay ang pagpaparamdam sa kanilang napupusuan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pagkain tulad ng tsokolate at iba pa. Madalas, ang panliligaw ay nagsisimula sa mga okasyon tulad ng kasal at pagtitipon sa mga mahalagang okasyong pang-Muslim.

Hanggang sa kasalukuyan, mayroong mga katutubong Sáma na ginagawa ang panliligaw ayon sa kanilang nakagawiang kultura. Ayon sa kanila, ang panliligaw ay nagaganap sa pamamagitan ng pakikipag-usap ng magulang ng lalaki sa mga magulang ng babae. Paraan ito ng paghingi ng permiso na maaari nang ligawan ng lalaki ang kanilang anak na babae. Subalit, sa bilis ng panahon, ang mga Sáma ay sumasabay na rin sa modernong pamamaraan ng panliligaw gaya ng pagpapahayag ng kanilang nararamdaman sa pamamagitan ng paggamit ng *cellphone* at direktang pagsasabi sa babaeng napupusuan. Kapag nagkamabutihan na ang nag-iibigan, unti-unting magpaparamdam ang binatà sa magulang ng dalaga sa pamamagitan ng pagdalaw o kunwaring pakikipagkaibigan sa babae.



Larawan 18. Makabagong paraan ng Pamayà-mayà o Panliligaw sa Laminusa, Sulu

Samakatuwid, may iba't ibang proseso ang pag-aasawa ng mga Sáma. Nariyan ang **agpáhinda** o pamamanhikan; **agpálahi** o nagtatanan; **amolè** o kusang pagpunta ng babae sa bahay ng **panglíma** o **sarà** upang sabihin na kailangan siyang pakasalan ng lalaki sa dahilang hinawakan ang bahagi ng kaniyang katawan; **agpátihantak** o **sahárakan tógol**, ang agarang pagpapakasal ng lalaki na dalá-dalá ang **dóri** tulad ng pera, alahas, at **kális** o espada sa tahanan ng babae. Ang ganitong uri ng pag-aasawa ay karaniwang sinasang-ayunan ng magulang ng babae. Kapag hindi ito tinanggap, madodoble ang perang dalá ng lalaki kayà agad nang ikinakasal ang lalaki sa babae.



Larawan 19. Pagkáwin o Pagkakasal sa Sanga-Sanga, Bongao, Tawi-Tawi

Pagkáwin ang tawag sa kasal ng pangkat-etniko ng mga Sáma. Ayon sa informant na si Nora C. Matlani Dumadaan, tatlo ang yugto ang pagpapakasal. Una, ang pakikipag-usap ng mga magulang o nakakatanda mula sa panig ng lalaki sa mga magulang at nakatatanda sa panig ng babae. Ilalahad dito ang kanilang pakay at ang paghingi ng pahintulot sa pagsang-ayon sa kasal at **dori**. Ikalawa, ang araw ng pagdiriwang sa kasal at pagbasbas bílang mag-asawa. Isang masayang selebrasyon ang kasal na ginagawa sa tahanan ng lalaki at babaeng kinakasal. Lahat ng gastusin ng babae sa kanilang kasal ay obligadong sagutin ng lalaki. Maaari din ang panig ng babae ay tumulong sa gastusin bílang respeto sa pamilya ng lalaki. Ikatlo, pagkatapos ng tatlong araw ng kasal, ang babae ay titirá sa magulang ng lalaki. Kaugalian ng mga Sáma na sa **usbá** o sa panig ng lalaki dapat makikisama ang mapapangasawang babae.

Sa kasalukuyan, isinasabuhay pa rin ng mga Sáma ang ganitong kaugalian. Subalit, hindi na gaanong sinusunod ng ibang mga Sáma ang pamamaraang ito dahil may mga prinsipyo silang pinaiiral na kapag sila ay nakabuo ng sariling pamilya, kailangan na nilang bumukod upang mamuhay nang sarili. Lalo na ang mga asawang babae ay maaari na ring magtrabaho bílang katuwang ng kaniyang **bana** sa paghahanapbuhay upang maitaguyod ang pangangailangan ng kanilang pamilya.

Sa naganap na kasal ng Sáma Bajao sa Sanga-Sanga, Tawi-Tawi, ang seremonya ng kasal ay maituturing nilang pinakamasayang pagdiriwang. Ito ang araw na nagagamit nila ang kanilang mga magagandang kasuotan, alahas, at palamuti sa katawan. Naipamamalas din ang kanilang kakayahan na mapaghandaan ang ganitong okasyon tulad ng pagpapaganda ng kanilang mga bangkang-bahay sa pamamagitan ng mga dekorasyon upang ito'y maging makulay at kaaya-ayang pagmasdan. May

pagkakataon din na kapag sila'y kinakapos sa badyet, isinasanla nila ang kanilang mga alahas upang matugunan ang kanilang inaasahang tagumpay sa pagdiriwang ng espesyal na okasyon. Payak man ang kanilang pamumuhay, buong-puso pa rin nilang ipinagmamalaki ang kanilang kultura.

Pakikisalamuha ng mga Sama

Ang mga Sáma ay likás na mahiyain noon pa mang unang panahon. Sa kabila nitó, ay natutuhan pa rin nilang pakitunguhan nang maayos ang kanilang mga bisita. **Salám!** ang batì nila sa mga hindi kakilala. Dagdag pa, nása katangian din nila ang pagiging matulungin sa isa't isa sa pinasyal na aspekto at sa mga gawain ng kanilang pangkat. Higit sa lahat, namumúhay sila nang mapayapa at masayá. Kapag sila'y hindi abalá sa mga gawain, nakikihalubilo sila upang makipagkuwentuhan; naglalaro ng **tudjúng**, **légot**, at bola tulad ng basketbol at *volleyball* bílang pampalipas ng oras.



Larawan 20. Pakikisalamuha ng mga Sama sa mga Bisita

SISTEMA NG PAMAMAHALA

Ang sistemang politikal ng mga katutubong pangkat sa Pilipinas ay kinikilala ng mga komunidad na kanilang nasasakupan. Iba ang paraan ng pamamahala ng mga Sama. Ayon kay Panglíma Amilpasa T. Bandaying, tribal leader ng Sama Bangingi, noon ang pamimilì ay dumaraan sa basbas ng Sultan kung sino ang magiging **datu**, **panglíma**, at **maharadja**. Karaniwang nása lahi na nila ang pagiging pinunò. Minána pa nila sa kanilang mga ninunò ang ganitong posisyon. Sa kasalukuyan, ang mga barangay ng mga Sáma ay may nakaupong **panglima** at **maharadja**, at bihira na ang datu. Sa halip, kapitan ng barangay ang kinikilalang datu sa mga usaping politikal. Ang

tungkulin ng **Panglima** ay kanang kamay ng datu, kalihim, at tagatalâ. Ayon naman kay Panglima Ambi Ventura, ang panglima ay itinuturing na batas at nagdedesisyon sa mga Sáma na may hindi pagkakaunawaan o mga suliraning political; mga suliraning pangkomunidad tulad ng pagtanan, pagkakaroon ng alitan o di-pagkakaunawaan; at maaari din siyang magkasal sa nais mag-asawa. Ayon kay Maharadja G. Mastarani, at Bb. Masarani ng hilagang sentral na Sáma, ang di-pagkakaunawaan ng mga Sáma ay nasosolusyunan kaagad. Kapag may krimen na nagawa tulad ng pagnanakaw, ang mga magulang ang ipinatatawag at magbabayad ng ninakaw. Pinaalalahanan nila ang magulang at anak na nagnakaw na huwag muling gawin. Gagawa sila ng kasulatan na nangangakong hindi na mauulit ang kasalanan na nagawa ng anak. Kapag ito ay naulit, paalisin sa lugar ang nagkasála o dadalahin ang kaso sa presinto.



Larawan 21. Ambi Ventura,
Panglima ng Maasin



Larawan 22. Amilpasa Bandaying,
Panglima ng Taluksangay

Samantála, idiniin ni Panglima Ventura ang pagkakaiba ng **Panglima** sa **Maharadja**. Ang **Maharaja** o *tribal chieftain* ang nangangasiwa sa pagpapatupad ng batas at pagdedesisyon. Siya ang namumuno sa mga usapin hinggil sa krimen o di-pagkakaunawaan ng mga Sáma sa komunidad. Siya ay kilala bilang hukom ng mga Sáma sa isang barangay. Katuwang din niya ang **panglima** sa mga proyekto na may kinalaman sa barangay at mga katutubong Sáma.

Bawat **Panglima** at **Maharadja** ng mga barangay ay karaniwang kasama rin sa mga pagpupulong sa barangay. Sila ang kinikilala bilang mga *Tribal elder* o nakatatanda. Sa mga sakop ng NCIP, malaki ang kanilang ginagampanan sa pagiging

panglima at **maharadja**. Lahat ng mga pag-aaral na may kinalaman sa kanilang wika at kultura ay bahagi sila sa pag-ambag ng kaalamang kultural ng Sáma.

Sa kabilâng dáko, ang pamamahala ng mga katutubong Bajao ay nakasalalay sa mga nakatatandang miyembro. Ang kapangyarihan ng mga mamumuno ay nakabatay sa kanilang kakayahan, kaalaman, at kagalingan sa panghikayat sa mga tagasunod na siya ay sundin. Ang tradisyonal na katawagan sa kanilang lider na ay **Panglíma**. Siya ang nag-aayos ng mga hidwaaan o kaguluhan, tagakolekta ng pera sa mga bayarin, at tagapangasiwa ng kasal.

Sa pagpili ng pinunò sa barangay, kinikilala ang lalaki bílang **panglíma** at **maháradja** sapagkat ang lalaki ay may isang salita, at mataas ang tingin at respeto na hango sa kasaysayan ng Islam. Bagaman kinikilala rin ang babae bílang pinunò, wala pang naging **panglima** at **maharadja** na babae.

Batas at Sistemang Pangkatarungan

Malaki ang papel na ginagampanan ng isang namumunò sa anumang pamayanan. Katulad ng ibang pangkat-etniko, mahalaga sa namumunò ang marunong makitungo, may kaalaman sa usaping katarungan at marangal. Malaki ang posibilidad na kapag ang namumunò ay may sistema, magiging maayos at uunlad ang kanilang komunidad. **Saràh** ang tawag sa mga alituntuning sinusunod ng kanilang pangkat.

Ang mga Sáma ay may sariling pagpataw ng parusa sa nagkasála. Halimbawa kapag nagnakaw, ipinababayad na lámang sa magulang ang ninakaw na bagay at pinaalalahanan na huwag nang ulitin. Kapag muling naulit, sila'y palalayasin sa komunidad o ipakukulong. Hindi nila sinasaktan ang nagkasála sapagkat naniniwala sila na ang tao ay nagbabago. Ayon kay MaryMay Julhari, wala pang nangyaring patayan sa mga katutubong Sáma. Bihira rin daw na may nag-aaway na humahantong sa **panglima**. Ang hindi pagkakaunawaan ay hanggang sa kani-kanilang mga tahanan lámang dahil halos lahat ay magkakamag-anak. Paramihan ng mga ari-arian at payabangan ang paraan ng kanilang away sa halip na sabunutan. Iba-iba ang paraan sa pagbabayad ng nagkasála. Kapag may isyung imoral, pera ang kabayaran sa biktima; kapag may nasaktan at may dugong tumagos, kaunti man o marami, bibigyan ng pera kahit barya bílang **díyat** upang hindi lumalâ ang tagos ng dugo. Hanggang sa kasalukuyan ay buháy na buháy pa rin ang ganitong gawain. Samantála, kung may mabigat na kasalanan o nagawang krimen ay inilalapit na nila sa barangay na kanilang nasasakupan o sa awtoridad.

Kapag may lumapit na magrereklamo na sa palagay niya siya ang biktima ay patatawagin ng **maharadja** at **panglima** ang nagkasála. Pakikinggan ang bawat panig, pagkatapos ay magbibigay ng alternatibong solusyon batay sa batas ng kanilang pangkat. Kung sang-ayon na ang magkabilâng panig sa inilatag na solusyon ay may mga paalala pa ang **maharadja** o **panglima** upang hindi na maulit. Ito ay maaaring sa

pamamagitan ng pagbibigay ng **Sâh** o danyos ng unang umulit sa kanilang away. Pagkatapos ay magyayakapan at magkabañ na ang dalawang panig.

Sa kasalukuyan, bukod sa mga batas ng kanilang ninuno ay bukás na rin sila sa batas ng pamahalaan sa tulong ng kanilang **panglima** at **maharadja** gayundin ng mga nakatatanda at mga lider ng iba-ibang organisasyon na mula sa sangay ng gobyerno tulad sa NCIP, 4P's, PAMANA at iba pa.

SISTEMANG PANGKABUHAYAN

Ang mga Sáma Bajao ay nabubuhay nang payak katulad ng kanilang mga sinaunang pamilya o angkan. Dahil na rin sa uri ng tahanan na mayroon sila, karamihan ay walang koryente at mga kasangkapan gaya ng kama, upuan, mesa, kagamitang de-koryente, at iba pang kagamitan na makikita sa loob ng bahay. Ang ganitong uri ng pamumuhay ay karaniwan na sa mga Bajao. Hindi sila mahilig sa mga mamahálin at magagarbong kasangkapan. Nakokontento na lámang sila sa anumang bagay na mayroon sila. Bagkus, ang kanilang priyoridad ay ang mga kagamitan sa pangangisda sapagkat ito ang kanilang hanapbuhay. Ang pagkakaroon ng ibang bagay gaya ng mga alahas ay nabibilang na lámang sa sekondaryang pangangailangan nila. Ang mga ito ay kanilang napakikinabangan bílang kolateral sa oras ng matinding pangangailangan.



Larawan 23. Bahay ng mga Sama sa Barangay Tampalan, Malamawi Island

Payak ang pamumuhay ng pangkat-etniko ng mga Sáma na naninirahan sa baybay-dagat. Mababakás ito sa kanilang tiráhan, pagkain, kasuotan, at pamumuhay. Nagsisimula ang búhay ng Sáma bago pa man sumikat ang araw. Gumigising sila nang madalíng araw upang ihanda ang kanilang bangka at kagamitang pampangisda. Pumapalaot sila kasáma ang mga kaanak na lalaki upang manghúli ng isda. Ang iba

naman ay nangunguha ng mga **latû** sa dagat na pangunahing ikinabubuhay ng mga pamilyang Sáma. Ang mga batàng katutubo ay bumibili ng tubig sakay ang kanilang bangka. Ang mga babae ay naghahanda ng kanilang agahan. Samantála, ang mga matatanda ay naghahabi ng banig, naglilinis ng mga panindang lamang-dagat, at nag-aayos ng kanilang tulugan.

Paggawa at Pagtitinda ng Pagkain

Bukod sa pangingisda, ang pagtitinda ng mga katutubong kakanin tulad ng **baúlu**, **darál**, **lókot-lókot**, **pastíl** at iba pa ay isa rin sa hanapbuhay o pinagkakakitaan ng mga Sáma dahil sa taglay nilang husay sa pagluluto.

Ayon sa kanila, mahalaga ang may kinikíta para may maitutustos sa pangangailangan ng kanilang pamilya. Bagama't mahirap ang maghanap ng trabaho lalo na kung hindi nakapagtapos ng pag-aaral, naniniwala sila na ang kanilang hanapbuhay tulad ng pagtitinda ay malaking tulong para sa kanilang pamilya.



Larawan 24. Pagtitinda ng mga katutubong kakanin ng mga Sáma

Kaugalian sa Paggawa ng Katutubong Kakanin

Ayon sa mga matatanda, ang isang nagluluto ay dapat nása kondisyon ang isipan, may pagmamahal sa ginagawa, at buo ang atensiyon sa kaniyang iniluluto upang maging malinamnam at malasa ang magiging produkto.

Bukod sa mga katutubong kakanin, magaling din sa pagluluto ng iba-ibang miryenda ang mga Sáma. Isa sa mga miryenda na kanilang iniluluto ay ang **Bangbáng**

Batúngan. Isa itong biskuwit na gawa mula sa harina, gatas, itlog, *yeast*, *vanilla*, mantikilya, dinikdik na mani, at asukal. Ang mga sangkap ay pinaghahalo at inihuhulma ayon sa disenyo. Ginagamitan ito ng **sípit** na isang kapisang metal na ginamit sa paghuhulma o pagdidisenyo ng biskuwit at pagkatapos ay ilalagay na ito sa loob lutuán.

Mayroon din silang ibang produkto na tinatangkilik ng nakararami gaya ng **baulu**, **pastil**, **lokot-lokot**, **batangburok**, **panyam**, at **jintan** na isang uri ng polboron. Karaniwan, ang mga kakanin ay gawa sa giniling na bigas, malagkit, o harina na hinahaluhan ng asukal at itlog. Ito'y inihahanda sa mga espesyal na okasyon tulad sa mga kasal, binyag, pag-alay sa mga ritwal tulad sa **pag-ómbòh**, at pag-alaala sa yumao.



Larawan 25. Paggawa ng Bángbang Batúngan



Larawan 26. Jintán



Larawan 27. Baúlu



Larawan 28. Jaa o Lókot -lókot



Larawan 29. Pastíl



Larawan 30. Panyám



Larawan 31. Sinánglag



Larawan 32. Kalling



Larawan 33. Durul



Larawan 34. Daral



Larawan 35. Pitis Patani



Larawan 36. Putli mandih



Larawan 37. Palih Kambing



Larawan 38. Panganan



Larawan 39. Wadjit



Larawan 40. Bangbang Hentak



Larawan 41. Junay



Larawan 42. Apam



Larawan 43. Tabid-tabid



Larawan 44. Dúlang o látal

Ang mga Sáma ay mahilig sa pagkain ng lamáng-dagat tulad ng isda, alimango, hipon, ágal-ágal, tahong, talaba, at iba pa. Bukod sa kanin, ang **sinánglag** ay itinuturing nilang alternatibo ng kanin dahil nakabubusog at mabigat sa tiyan. Kayâ, ito ang mas gusto nilang ipares sa mga ulam. Ang **sinanglag** ay mula sa kinudkod na *cassava*. Ito ay isinasangag upang maging malasa kainin. Likás sa mga Sáma na masarap magluto lalong-lalo na ang mga Sáma Bangingi sa iba't ibang putahe ng mga lamáng-dagat.

Nakagawian na ng mga Sáma ang pag-inom ng kape tuwing umaga bago sila mag-aalmusal at maging sa hapon, ito ang kanilang ipinapares sa kanilang meryenda tulad ng piniritong saging. Ayon sa kanila, nasánay na silang mainitan ang kanilang sikmura bago kumain ng ibang pagkain. Pakiramdam nila na ang kape ay nakapupukaw ng kanilang isipan dahil hindi sila dinadalaw ng antok sa pagtatrabaho.



Larawan 45. Kaháwa lóbog o Kape Barako

Ang Laminusa ay kilalang lugar na sagana sa iba't ibang mga lamáng-dagat. Kayâ, ang pagtitinda ng mga ito ay isa rin sa mga ikinabubuhay ng mga Sáma. Ito na rin ang tumutustos sa lahat ng kanilang mga pangangailangan. Para sa kanila, hindi madalî ang kumita ng pera kung hindi sila kakayod at magbanat ng butó. Dagdag pa nila, ito lang ang trabaho na alam at káya nilang gawin upang matugunan ang kanilang mga pangunahing pangangailangan at makapagpaaral ng kanilang mga anak.



Larawan 46. Pagtitinda ng mga Isda sa Palengke ng Laminusa, Sulu

Pagkokopra

Tulad ng iba pang mga Pilipino, ang pagkokopra ay isa sa ikinabubuhay ng mga Sama ng Pangutaran at Sáma Bangingì. Ayon sa informant na si Al-Azis Adilon, nakikikopra lámang sa mga kamag-anak ang karamihan sa mga Sáma upang may iba pang pagkakitaan kapag masamá ang panahon bukod sa pangingisda. Pagkatapos biyakin ang mga niyog, kukunin ang karne o laman ng nitó at ilagay sa tapayan upang lutuin. Kapag handa nang ibenta, ilalagay sa mga sako at dadalihin sa bodega o probinsiya ng Jolo upang ibenta.



Larawan 47. Pagkokopra ng mga Sama Pangutaran

Paglalatû at Pag-aagal-agal

Kilala ang mga Sáma Bajao na mahusay sa pangunguha ng **gamay** o **latû**. Karaniwan, babaeng Bajao ang nangunguha nitó sa dagat. Ito'y kanilang ibinebenta sa palengke o inilalako sa mga bahay-bahay. Ang paraan ng pagbebenta at pagpepresyo ay nakalagay sa plato o nakatumpok. Ang **latû** ay masustansiyang lamang-dagat na mayaman sa *iodine*. Pinaniniwalaan ng mga Sáma na nakalulunas ito ng sakít na *goiter*.

Ágal-ágal (*seaweeds*) ang tawag sa lamáng-dagat na isa sa ikinabubuhay ng mga Sáma. Ang similya ng **agal-agal** ay itinatali sa **alul** na lagayan ng **agal-agal** upang dumami sa dagat. Karaniwan, higit sa dalawampung araw bago ito iahon. Dalawa hanggang apat na araw ito ibinibilad depende sa panahon bago ibenta. Kilohan ang bentahan ng **agal-agal**. Para sa mga Sáma, malaki ang tubò sa **agal-agal** sapagkat malawak ang dagat na maaari nilang gamítin na lagayan ng **alul**.



Larawan 48. Paglalatû at Pag-aágal-ágal na isa sa mga Hanapbuhay ng mga Sáma sa Taluksangay, Lungsod Zamboanga



Larawan 49. Kabuhayang Ágal-ágal ng mga Sáma Bangingi sa Isla ng Simariki, Lungsod Zamboanga



Larawan 50. Paglalatû at Pag-aágal-ágal na isa sa mga hanapbuhay ng mga Sáma sa Taluksangay, Lungsod Zamboanga

Turismo

Ayon sa tribal chieftain ng Sama Bangingi na si Nasir Ismula, ang **pamánganan** ay kaínan ng mga dumadayo sa Simariki Ancestral Domain, na isa sa mga lugar na may pulông buhangin o *sandbar*. Nagsisilbing hanapbuhay ng mga Sáma Bangingi ng Simariki ang *sandbar* sa pamamagitan ng transportasyon, *cottages*, at **dulang**. **Dulang**

ang tawag sa mga pagkain na nakalagay sa bandehado na may iba't ibang uri ng ulam na lamang-dagat tulad ng alimango, pusit, hipon, mga espesyal na isda, mga gulay at marami pang iba na nakalagay sa platito. Tradisyonal na inihahanda ng mga Sama ang **dulang** sa mga mahalagang okasyon.



Larawan 51. Pamánganan



Larawan 52. Dulang

Pangingisda

Ang probinsiya ng Tawi-Tawi ay sagana sa mga yamang-dagat kayâ pangingisda ang hanapbuhay ng mga Sáma. Bukod sa mga isda, ang ilalim ng karagatan ay may iba't ibang **sahasà** o *coral reefs* na may iba-ibang disenyo. Ayon sa informant na si Paraja Daddih, **sahasà batu** at **sahasà kalang** ang tawag ng mga Sama dito. Ang mga korales na ito ay napakikinabangan bílang hanapbuhay, pang-import, at pang-export na kalakalan. Ginagamit din itong pandekorasyon.



Larawan 53. Sahasa Batu (Favites)



Larawan 54. Sahasa Kalang (Porites)



Larawan 55. Pagbuo ng Bangka

Bangka ang pangunahing transportasyon at kabuhayan ng mga Sáma. Kayâ, ang paggawa ng bangka ay kinahiligan na rin ng mga Sáma Bajao. Ayon sa informant, mga maliliit na bangka lámang ang káya nilang gawin na sapat para sa dalawa hanggang

limang katao. Ginagamit nila ito sa pang-araw-araw na pangingisda at iba pang hanapbuhay. Ang mga kagamitan sa pagbuo ng bangka ay *marine plywood*, kahoy tulad ng mahogany o narra, pakò, at iba pang bagay na pandikit at pampatibay.



Larawan 56. Lambat

Bukod rito, kani-kaniya sa paggawa ng lambat ang bawat pamilyang Sáma. Ito ay yari sa *nylon* o pisi na itinatali hanggang sa magdugtong-dugtong at magkabit-kabit, at mabuo ang lambat.



Larawan 57. Pagtutulungan ng Komunidad

Ang mga Sáma Daleya, Deleya, o Deya naman ay nakatirá sa lupa. Ang kanilang mga gawain ay halos katulad rin sa pang-araw-araw na gawain ng mga Sáma Bajao, maliban na lamang sa pag-iigib ng tubig. Sa gripo at balon umiigip ang mga Sáma Daleya, samantala, ang mga nakatirá sa dagat ay nagbabangka patungo sa bilihan ng tubig. Nagbibitbit sila ng mga galon o anumang maaaring pagsidlan ng tubig.

Ang mga Sáma Deleya ay naninirahan sa bahay na nakatírik sa lupa na halos kompleto ang mga bahagi nitó. Karaniwan na lámang sa kalalakihan ang naghahanapbuhay para sa kaniyang pamilya. Subalit, may mga pagkakataon din na sila ay naglilibang sa pamamagitan ng pakikipagkuwentuhan sa kapuwa kaugnay ng kanilang búhay-mangingisda. Ang kanilang mga anak ay pumapasok sa paaralan. Sa mga araw ng Sabado at Linggo, tumutulong sila sa kani-kanilang magulang sa mga gawaing bahay.

RELIHIYON

Ayon kay Panglíma Amilpasa T. Bandaying, ang mga Sáma ay may herarkiyang sinusunod sa relihiyong Islam. Ang **imam** ang pinakamataas, kasunod ang **catib** o tagabahagi ng mensahe ni Allah, at ang **bilal** na tagatawag para sa panalangin.



Larawan 58. Labas ng Sheik Karimal Makhdum Masjid,
Isla ng Simunul, Tawi-Tawi

Naniniwala rin ang mga Sáma na may **Túhan** o Diyos. Kayâ, mayroon silang **mbô** na ginagawang dasálan o hingian ng pasasalamat sa Diyos. Ayon sa lingguwistang Sáma na si Omarjan Jahuran, hindi lámang nabasbasan ng Islam ang mga Sáma Dilaut kayâ hindi sila maituturing na pagano sapagkat sila'y naniniwala na may **túhan** na lumikha sa sansinukob. Ayon sa informant na si Hadji Hussin H. Sumbing, bago pa



Larawan 59. Loob ng Sheik Karimal Makhdum Masjid,
Isla ng Simunul, Tawi-Tawi



Larawan 60. Masjid ng Barangay Taluksangay, Lungsod Zamboanga

man dumating ang mga Kastila noong 1380 ay may Islam na sa bandang Sulu at Tawi-Tawi sa isla ng Simunul. Sinusunod nila ang atas ng **Qur'an** o ang banal na kasulatan na nagtuturo kung paano sambahin si Allah at maláman ang tama sa mali at pagsunod sa yapak ni propetang Muhammad SAW. Ang pinakahaligi ng Islam ay lima: 1) pagdarasal ng limang beses bawat araw; 2) pagbanggit sa **Shahadat**; 3) pagbigay ng **Jakat**; 4) pag-aayuno; at 5) pagpunta sa Mecca ng mga maykáya. Ang kalalakihan ang

kinikilalang mga **Imam** at **Ustádz**. Sila ang nangunguna sa mga kongregasyon na padasal tulad sa araw ng Biyernes, araw ng **Hariraya Eidíl Fitri**, at **Eidíl Adha**. Sa loob ng **masjid**, ang nangunguna ay kalalakihan at ang kababaihan ay nása bandang hulí. May dibisyon na bahagi para sa kababaihan. Ang kasuotan sa pagdarasal ng lalaki ay may **kuppiya** sa ulo, at natatakpan ang bandang gitnang katawan ng lalaki at mas maikli ay nakasuot ng malinis na damit. **Kantíyu** o **sawwál** at **malung** ang karaniwang suot pang-ibaba. Sa babae, nakaturong at nakasuot ng **lúku**, damit pandasal ng kababaihan, bukod sa damit na panloob. Ang babaeng guro na nagtuturo ng Koran ay tinatawag na **ustádja** o **Kah Dáyang**. Ayon sa kasaysayan, ang relihiyong Islam ay naipalaganap sa Pilipinas ng isang misyonerong Arabe na si Sheik Karimal Makhdum. Una siyang dumating sa kapuluan sa Tubig-Indangan, Simunul sa Tawi-Tawi. Sa pulông ito niya itinayô ang kauna-unahang **masjid** noong 1380. Hanggang sa kasalukuyan, nakatayô pa rin ito sa parehong lugar bílang bahagi ng muling Tahanan ni Allah. Ang orihinal na haligi nitó ay yari sa ipil. Ito ang sambahan ng mga Sáma sa Isla ng Simunul, Tawi-Tawi.



Larawan 61. Haligi ng Sheik Makhdum na yari sa Ipil

Sa isinagawang *fieldwork* ni Jumala (2013), sa aspektong relihiyon ng mga Sáma Dilaut, ang pagbibigay ng biyaya o pagpapasalamat sa kanilang Dakilang Lumikha ay nakagawian na nila bago sila kumain at sa mga pagdiriwang o seremonyang panrelihiyon.¹¹

11 Francis Jumala. "Dining with the Spirits: A Glance at the Pagomboh and of the Sama Dilaut." Western Mindanao State University Research Journal 32. P.2.



Larawan 62. Omboh ng mga Sáma Bajao partikular ang Baul.
Dito nagaganap ang sagradong ritwal.

Sa payak na lipunan ng mga Sáma Bajao, ang **duwáa** o panalangin ay naiiba sa **janjí** o ang sumpa sa kanilang mga ninuno. Sa kaniyang panayam sa pangkat ng mga Sáma Dilaut sa Taluksangay, ang **janjí** ang madalas nilang binibigkas. Habang wala pang naitakdang pamamaraan o anyo ng **janjí**, sinusunod muna nila ang nakagawiang proseso nitó. Una, ay ang kanilang pagpapasalamat sa **Ombòh** na kumakatawan sa pagtawag nila sa mga kaluluwa sa kanilang pagtitipon. Ikalawa, ang kanilang pakikipag-usap sa mga ninuno para sa proteksiyon sa mga sakít, mga pinsala na gawa ng kalikasan, at anumang kapahamakan na nanggaling sa mga masasamang espiritu. At ang panghulí, ang nagpapakíta ng sumpa o pangako na ang mga nabubuhay ay dapat tumugon sa gawaing ritwal ng **pagomboh**. Tinatawag itong **músim** o ang oras sa pagsasagawa ng ritwal sa panahon ng pag-aani at hindi lámang sa panahon ng pagkakasakít.

Ayon sa saliksik na *Dining with the Spirits: A Glance at the Persistence of Ancestor Worship of the Sama Dilaut* (Jumala 2011), ang mga pangkat ng Sama Dilaut sa Pilipinas ay may ritwal ng **Pagomboh**.

Binanggit niya ang anim na uri ng **Pagomboh** na isinasagawa ng mga Ayuda Bajao sa Caragasan, Lungsod Zamboanga: 1) **Ombòh Búwas** o Omboh ng Bigas; 2) **Ombòh Wánni** o Omboh; 3) **Ombòh Gandúm** o Omboh ng Mais; 4) **Ombòh Panggì** o Omboh ng Kasaba; 5) **Ombòh Buwáhan** o Omboh ng Lansones; at 6; **Ombòh Sáying** o Omboh ng Saging. Ayon sa kasalukuyang *fieldwork* ni Jumala, ang mga ritwal na nabanggit ay isinasagawa rin ng mga Sáma Bajao sa Taluksangay, Lungsod

Zamboanga. Ito'y isang patunay na may pagkakatulad sila sa ritwal na maaaring namána nila sa kanilang mga ninuno.¹²

Naging pangkaraniwan na sa mga Sáma Dilaut ang pagsasagawa ng **Pagómbòh** sa loob ng isang taon. Ito ay maaari ding isagawa nang higit sa isang beses taon-taon. Ang tao na nagsasagawa nitó ay nakíta sa pangkat ng mga Sáma Dilaut. Sa Sitangkai, ito'y ipinag-uutos na maaaring isagawa tuwing may pagdiriwang gaya ng pag-aani. Sa Tabawa, ang ritwal ay maisasagawa isang beses sa loob ng isang taon at ito ay napapaloob sa agrikultura at siklo ng pangingisda. Sa Maasin, Lungsod Zamboanga, ito'y isinasagawa tatlong beses sa loob ng isang taon. Kaugnay sa kaniyang kasalukuyang *fieldwork*, lumalabas sa kaniyang imbestigasyon na ang **Ombòh** bílang gawaing panlipunan ayon sa mga Sáma Dilaut ay may apat na kategoriya: 1) **Ombòh** bilang **impo** o lola; 2) bílang espiritu o kaluluwa; 3) relihiyosong relikyá o labí; at 4) bílang pag-alay ng pagkain.

Ang **Ombòh** bílang matandang babae o **impo** ay tumutukoy sa búhay at biyolohikal na lola ng isang tao. Ito ang termino na ginagamit sa pagbatì sa parehong ina ng tatay o ina ng ina at mga buháy na ina na nabibílang sa henerasyon noon o maituturing na isang pangkaraniwang **impo** lámang. Ang **Ombòh** bílang espiritu ayon sa ekstensibong pananaliksik na isinagawa nina Sather at Nimmo ay tumutukoy sa kataas-taasang lalaking **Ombòh** na si Adam o Adan na nása bibliya at ang kataas-taasang babaeng **Ombòh** bílang **Awa/ Hawa** na kilalang Eba ng mga Sáma Dilaut na itinuturing nilang Anghel ayon sa kanilang aspektong espiritwal.¹³

Ang **Ombòh** bílang relihiyosong relikyá ay isang *religious artifact* na karaniwang tumutukoy sa isang kahong yarì sa kahoy. Higit na iginagalang at matiyaga itong iniingatan. Pagkatapos, ipinapása sa isang **panglima** at sa kasunod nitó. Ang kinalalagyan nitó ay isang silid na tinatawag na **sibáyan** ayon sa mga Sáma Dilaut ng Taluksangay, Lungsod Zamboanga at sa Maasin, Lungsod Zamboanga. Ito rin ay isang silid na kung saan natutulog ang **panglíma**. Sa loob ng kahong ito ay mga lumang damit at pantalon na mula sa mga namayapang ninuno na ipinása sa kasalukuyang tumatayong **panglíma**. Ang **Ombóh** bílang pag-alay ng pagkain, ito'y **Ombòh** na sumasaklaw ng pitóng uri ng pag-alay ng pagkain para sa mga namayapang ninunò: 1) **Ombòh Pai Bahao** o Ombòh ng bagong bigas; 2) **Ombòh Sáying** o Ombòh ng saging; 3) **Ombòh Panggì** o Ombòh ng kasaba; 4) **Ombòh Gandúm** o Ombòh ng mais; 5) **Ombòh Botong** o Ombòh ng butong; 6) **Ombòh Wánni** o Ombòh manggang wanni; at 7) **Ombóh Pai laon** o Ombòh ng bigas.¹⁴

12 Ibid., mp. 3-5.

13 Ibid, mp. 6-9.

14 Ibid, mp. 10-11.



Larawan 63. Tásbi o prayer beads

Ang mga Sáma Bajao ay naniniwala na ang pagkilala sa kanilang Panginoon at pagkakaroon ng karunungan ay ang pinakamabisang daan sa pagkakaroon ng magandang búhay sa hinaharap (Abdurajak 2014). Binibigyan nila ng karangalan ang mga **Sálip** o pinagmulan ng Panginoon bílang pagpapahalaga kay Muhammed. Bawat lalaki sa kanilang lugar ay dapat mayroong Mosque Official at hindi dapat mawalan ng **Imam** o ang nangunguna sa pagdarasal. **Bílal** ang tumatawag at nagpapasimula ng pagdarasal, at **Hátib** ang nagsasagawa ng pagbása tuwing araw ng Biyernes.


Naniniwala rin ang mga Bajao na ang kanilang pinagmulan ay mga dugong-bughaw kayâ't ang kanilang mga kasuotan ay makukulay. Ang espiritu ng patay ay pinananatili sa isang libingan at tuwing hapon ng **Shaában** ang mga kaluluwa ay pinapayagan ng kanilang Panginoon na bumalik sa mundo. Bílang pagsalubong, ang mga tao ay nililinis ang mga libingan at nagsasagawa ng pagdarasal. Naniniwala rin ang mga Badjaw na ang mga patay ay káyang makipag-usap sa buháy sa pamamagitan ng ritwal o seremonya ng selebrasyon, pananampalataya, at eksorsismo.¹⁵

May natuklasan si Nimmo (1990) hinggil sa mga ritwal na isinasagawa ng mga Bajao sa Tawi-Tawi.

Una, ang pagdarasal ay katulad din sa mga isinasagawang seremonya. Ang mga lalaki at babaeng Bajao ay uupo nang nakapalibot sa banig na may mga bagay sa gitna

15 Nena C. Abdurajak, "Ang Kultura ng mga Badjaw ng Taluksangay, Lungsod ng Zamboanga Ayon sa Kanilang Awiting Bayan" (tesis sa MA, Universidad de Zamboanga, 2014) p.18.

nitó sa loob ng silid ng bangkang-bahay. Ang **djin** ang mangunguna sa seremonya at ito ay susundin ng mga Bajao na lumahok. Kung nais nilang umapela ang espiritu, ang kamay ay nakaangat at nakabukás ang palad at pagkatapos ito ay itaob pababâ at muling iaangat. Ang sagisag ng pag-angat ng palad ay nagpapahiwatig na sila ay makatatanggap ng biyaya mula sa espiritu at ang pagtaob pababâ ng kamay ay nangangahulugang pagtaboy sa masamang espiritu.



Larawan 64. Qur'an o bibliya ng Islam

Ikalawa, ang seremonya ay maaaring nangangailangan ng paggamit ng mga pagkain, maiinom, at betel o sigarilyo. Habang nagaganap ang seremonya, ang espiritu ang kokunsumo ng kahalagahan ng mga aytem habang ang mga kalahok naman ang kokunsumo sa mga materyal na aytem na sinusunod ang seremonya. Ang pagkonsumo ay nagsisilbing pakikipag-ugnayan nila sa espiritu at babaguhin ang kanilang pagsasama.

Ikatlo, ang iilan sa mga seremonya ng Bajao ay taimtim at tahimik na okasyon. Ang mga kalahok ay direktang nakatuon sa gawaing ritwal.

Ikaapat, kapag ang seremonya ay patungkol sa pagpapasalamat sa paggalíng sa anumang sakít, ang táong gumalíng ay pinaliliguan ng **djin** ng tubig-dagat na susundan ng pagbanlaw gámit ang malinis na tubig pagkatapos ng seremonya. Ang maikling dasal na ginagawa sa pagpapaligo ay pinaniniwalaang naglilinis at nagpapagalíng sa dáting sakít ng isang tao.

Ikalima, ang pinakasimpleng seremonya ng Bajao ay ang pag-aalay ng mga bagay para sa espiritu. Ang pag-aalay ay maaaring paghiling ng tulong at nagsisilbing kabayaran sa pagtugon nitó sa pabor o kahilingan. Minsan naman, ang espiritu ay lumilitaw sa panaginip na humihingi ng bagay na iaalay sa kaniya gaya ng tobacco, betel, pagkain, sigarilyo, o banderita na kulay puti o berde.

Ikaanim, kapag ang mangingisda o bangkang-bahay ng isang pamilya ay dumaan malápit sa lugar na pinaniniwalaang tiráhan ng mga espiritu, gaya ng sementeryo, o sa maliit na isla na pinamamalagian ng tinatawag nilang **saítan**, dapat mag-alay sila ng kahit maikling dasal na nagpapadamá ng kanilang respeto sa espiritu.

Ikapitó, ang seremonya na nakatuon sa relihiyon ng mga Bajao ay ang seremonyang **maggómbòh**. Ang salitang-ugat na **ombòh** ay nangangahulugang ‘matandang lalaki o ingkong’. Ang seremonya ay maaari ding maisasalin bílang seremonya para sa mga ninuno at ito ay nagaganap sa iba-ibang okasyon. Minsan, isinasagawa ito sa espiritu ng mga ninuno. May pagkakataon ding ang seremonya ay isinasagawa upang hilingin ang kapayapaan at maibalik sa normal ang lahat kapag may kaguluhang nangyayari. Maaari din naming humiling ng proteksiyon upang maiwasan ang anumang panganib. Ang espesyal na **pai bahao maggómbòh** ay isinasagawa nang isang beses sa loob ng isang taon bílang pagpupugay sa lahat ng mga ninuno upang maipagpatúloy ang kapayapaan sa mundo. Ang seremonyang tinatawag na **magbúsang** ay isinasagawa upang matanggal ang sumpa ng yumaong kamag-anak na nakapagdudulot ng sákit o pagkakasakít ng miyembro sa pamilya. Ang seremonya ding ito ay naisasagawa sa bangkang-bahay o sementeryo. Ang iaalay na mga aytem ay: bigas, kasaba, isda, saging, kape, at sigarilyo o betel. Sa oras ng seremonya, ang táong maysakít ay mangangakong magsasagawa ng isang aksiyon kung maaari ba siyang gumaling. Halimbawa, ang isang tao ay mangangako sa espiritu na kapag siya ay gagalíng sa kaniyang sakít, siya ay maglalakbay sa Bonggao at mag-iiwan ng mga bagay na kaniyang iaalay sa sagradong lugar ng mga Muslim sa Bundok Bongao.

Ikawalo, ang isa pang seremonya para sa espiritu ng mga ninuno ay tinatawag na **sumángat**. Para sa iba naman, ang seremonyang ito ay naisasagawa kapag ang patay na kamag-anak ay umaapela sa panaginip ng isang buháy at humihiling ng pagkain. At sa kaniyang paggising sa umaga, ang **djín** ay agad na tatawagin upang magsagawa ng seremonya. Ang pagkain ay ikakálat sa banig na may umuusok na insenso at tatawagin ng djín ang espiritu na humihingi ng pagkain. Pagkatapos makunsumo ng espiritu ang kahalagahang espiritwal nitó, ang mga nakatipong miyembro ng pamilya ay maaaring kumain ng mga pagkaing nása banig.

Ikasiyam, ang seremonya na **magjánji**. Ito ay isinasagawa kapag ang espiritu ay patúloy na nakapagdudulot ng sakít sa isang tao na halos ikamamatay. Ang indibidwal na sangkot ay hindi na obligadong magsagawa ng anumang aksiyon sa pagtugon ng pangako sa oras na isinasagawa ang seremonyang ito. May pagkakataon din naman na kapag ang isang pasyente ay gumaling sa kaniyang sakít, ito ay ayon na

rin sa kagustuhan o ninanais ng espiritu na siya ay gumaling. At dahil dito, dapat na magsagawa ng seremonya upang maiwasan ang muling pagbalik ng kaniyang sakít.

Ikasampu, ang seremonya na **magtímbang** na nangangahulugang timbangin o ibalanse. Ang seremonyang ito ay madalas na isinasagawa sa Sulu ng mga Sáma at Tausug. Ayon sa mga Bajao, ito ay naisasagawa sa pagsasakatuparan ng kanilang pangako sa mga espiritu. Ang pagsangkot ng espiritu dito ay depende kapag ang kanilang kahilingang gumaling sa karamdaman ay natupad. Pagkagáling nila sa karamdaman, ang seremonyang **magtímbang** ay isinasagawa sa umaga. Ang indibidwal na nagsagawa ng kaniyang pangako, ay inilalagay sa saklay sa bandang hulihán ng poste at ito’y itinatali sa tahilan ng bahay sa pamamagitan ng lubid na nása gitna. At sa kabilâng dulo ng poste ay isa pang saklay na naglalaman ng mga aytem gaya ng niyog, kahoy, bigas, asukal, saging o tubig hanggang sa maging balanse ang bigat nitó sa tao. Iikutin ng **djin** ang poste hanggang sa babagting ang lubid habang isinasagawa ang seremonya sa mga espiritu. Pagkatapos, muli niya itong iikutin hanggang sa ito’y maiibalik sa dati nitóng posisyon sabay sa pagseremonya. At pagkatapos, ang gumaling na tao ay aalisin na sa kinalagyang saklay at ang mga bagay na nása kabilâng saklay ay ipamumudmod sa mga táong sangkot sa seremonya.

Ikalabing-isa, ang seremonyang **magláankuliah** ay hindi laganap sa mga Tawi-Tawi Bajao, subalit, pareho naman sa seremonyang natuklasan sa mga táong naninirahan sa lupa ng mga taga-Sulu. Napapaloob sa seremonyang ito ang pagtanggál ng mga bagay na pinaniniwalaang responsable sa pagkakasakít ng isang nahihirapang tao. Ayon pa dito, ang mga nasabing bagay ay inilagay ng espiritu sa katawan ng isang tao at ito ang naging dahilan ng kaniyang pagkakasakít.

Ikalabindalawa, ang seremonya na binubuo ng paglipat ng isang **saitan** na nakakapagbigay-sakít sa isang táong maysakít tungo sa isang imaheng yari sa kahoy na tinatawag na **ta’u ta’u** na may mga sandatang gaya ng baril at patalim. Ang imaheng ito ay inilalagay sa isang espesyal na punò kasáma ang iba pang imahen. Ang punò kung saan inilagay ang **ta’u ta’u** ay itinuturing nilang napakadelikado dahil sa presensiya ng mga imahen. Ang **saitan** na nakapagbibigay-sakít ay ililipat sa pasyente tungo sa **djin** at patungong **taú taú** at pagkatapos ay sa punò na pinaniniwalaang iniwan ng **saitan**. Ang mga sandata sa imahen ang magpoprotekta sa kanila sa anumang sakít o kapahamakan.

Ikalabintatlo, ang seremonya ng **kipálat selámat** o *peace-making ceremony*. Ang seremonyang ito ay isinasagawa kapag nagkaroon ng di-pagkakaunawaan ang pamilya sa kanilang mga kamag-anak na maaaring hindi ikatuwa ng espiritu ng kanilang mga ninuno. Katulad din sa seremonya ng ibang Bajao, kailangan nilang maglatag ng banig sa sahig ng kanilang bahay. Pagkatapos, maglalagay sila ng mga kakailanganing bagay sa gitna ng banig gaya ng isang basong tubig, berdeng niyog, bigas, at insenso. Ang **djin** ay uupo malápit sa insenso at ang mga partidong nag-away ay uupo sa kaniyang tabí. Ang ibang táong sangkot sa away ay uupo rin palibot sa banig,

habang ang ibang pamilya na hindi sangkot ay magmamasid lámang sa isasagawang seremonya. Ang seremonya ay maaaring isasagawa upang maipanumbalik ang kanilang magandang pagsasamahan bílang isang pamilya.

Ikalabing-apat, ang **káta-káta** ay isa ring seremonya ng mga Bajao na may kapangyarihang makapagpagalíng ng anumang sakít. Ito ay tipikal na inaawit sa presensiya ng isang táong maysakít. Ang sakít ay pinaniniwalaang dulot ng **saítan** o **ummágged**. Ang **katá-katá** ay isang mahabang awit na nangangailangang isaulo ng **djin**. Kapag ito ay isinasagawa, dapat ay tipong perpekto at kung maaari ay hindi magkakamali. Ang seremonyang ito ay ginagawa sa loob ng tatlo hanggang apat na gabi upang makompleto ang dalawang oras na pag-awit sa bawat gabi. Para sa mga Bajao, ito ay maituturing na napakasagrado na nanggáling pa sa kanilang mga ninuno. Ang seremonya ay magsisimula sa pamamagitan ng pagtitípon ng mga miyembro ng táong maysakít sa presensiya ng **djin**. Katulad ng ibang seremonya, ito ay nangangailangan din ng mga bagay tulad ng pagkain, kadalasan ay bigas ang inilalagay sa gitna ng banig na nása pagitan ng **djin** at ng táong maysakít. Sisindihan ng **djin** ang insenso at iimbitahin ang espiritu na lumahok sa seremonya. Samakatwid, ang pag-awit ay umaabot ng ilang gabi. Habang isinasagawa ito, ang mga sangkot ay dapat na maging atentibo at kung maaari ay iwasan ang lumikha ng anumang ingay dahil ito ay sagrado.

Ikalabinlima, ang pinakaekstensibong seremonya sa lahat ng mga Bajao ay ang **mag ómbòh pai Bahau** o *new rice maggomboh*. May ibang paniniwala na ang **ombòh** o kanin sa mangkok ay hindi maaaring ilabas ng bahay hanggang sumapit ang alas-dose ng tanghali o **puás luhul**. Ang seremonya ay nagaganap bawat taon tuwing panahon ng pag-aani ng tuyông bigas. Madalas na nagsisimula ito tuwing Hulyo hanggang Agosto. Ayon sa karamihan ng mga Bajao, hindi sila maaaring kumain ng bigas na bagong ani hangga't maisagawa ang isang seremonya. Ang bawat pinunò ng sambahayan ay nakakukuha ng tuyông bigas mula sa mga magsasakang Sama na naninirahan sa lupa o sa talipapa ng Bongao. Ang sisidlan ay yari sa balát ng punò na tinatawag na **kayù ombòh** o *tree or wood of the ancestors*. Ang balát ay gugupitin nang pahaba na may walong pulgada ang lapad. Ito ay pagsasamahin upang mabuo ang hugis-bilog na may sukat na labindalawang pulgada sa diyametro. Ang tangkay at mga dahon ng bigas ay ilalagay sa ilalim ng sisidlan at pupunuin ng bigas na ilalagay sa harap ng bangkang-bahay. Sa gabí, matutulog ang mga miyembro ng sambahayan na ang kanilang mga ulo ay nakatapat sa bigas. Sa pagsapit ng umaga, ang bigas ay maaaring lutô na at nakahulma sa puting mangkok na hugis tatsulok. Ito ay kukunin ng miyembro ng pamilya at dadalihin sa gitna ng bangkang-bahay na ang ibang mga kamag-anak ay nagtitipon na may kani-kaniyang hawak na mangkok na may kanin. Dalawampu hanggang tatlumpong mangkok ang inilalagay sa kubyerta ng barko o sa sahig ng bahay. Pagkatapos, ang **djin** ay mangunguna sa maikling seremonya upang tawagin ang mga ninunong espiritu na kainin ang kanin at sila ay basbasan ng suwerte at mabuting kalusugan. Ang **djin** ay maaaring kumuha ng kapisang kanin sa bawat mangkok at ito ay kaniyang ipagsama-sama sa isang walang lámang mangkok. Ito ay kaniyang iaalok sa mga batàng nása sa seremonya. Ang bawat pamilya ay maaari ding

kumuha ng kanilang kanin na nása mangkok at ito ay kanilang iuwi sa kanilang bahay at kainin sa susunod na oras ng kanilang pagkain. Samakatwid, ang seremonyang ito ay nakapagpapatindi ng kanilang pagsasáma sa lahat ng kanilang mga kamag-anak o angkan; sa pag-alala ng kanilang mga namayapang kamag-anak; at sa pakikihalubilo ng kanilang mga anak sa ibang kasapi ng angkan.¹⁶

Ayon kay Usman, *tribal leader* ng Bajao sa Taluksangay, hanggang sa kasalukuyan ay isinasagawa pa rin ang **pag-omboh**. Gayundin sa lahat ng mga Sama ng ZAMBASULTA ay nagsasagawa pa rin ng seremonya sa iba-ibang paraan ng pag-aalay na binanggit ni Nimmo sa kaniyang pag-aaral. **Kamáttoahan** o nakatatanda na maalam sa ritwal ng **pag-omboh** ang mangunguna sa seremonya sa bahagi ng kanilang bahay na kalalagyan ng baul o mga bagay tulad ng saging, palay, mais bílang alay sa mga **djin** o espiritu. **Jánji** naman ang tawag sa pahayag ng nakatatanda na nangangako at humihiling sa **omboh** ng magandang búhay, malayo sa sakít, at kung maysakít o hiráp sa búhay ay humihiling na pagalingin. Dagdag pa, kung ito’y hindi maisasagawa sa itinakdang panahon ay magkakakasakít at maaari pa nilang ikamamatay. Bukod pa dito, may darating na sigwa at malakas na hangin at ulan bílang hindi pagtugon sa pagsasagawa ng seremonya.

Kaugalian sa Paglulupa



Larawan 65. Pagsasagawa ng ritwal sa mga nagkakakasakít

16 Harry A. Nimmo, *Philippine Studies* (1990), Quezon City. Ateneo de Manila University. P. 167.

May mga ritwal sa paglulupa tulad sa pagputol ng malaking kahoy. Pinaniniwalaan ng mga ninunò na ang malalaking kahoy ay tiráhan ng mga nilalang na hindi nakikíta. Kayâ, kailangang magpaalam sa pamamagitan ng ritwal bílang paggalang puputuling kahoy na kanilang tahanan. Naniniwala ang mga Sáma na mabisà ang parusa o paghihiganti ng mga nilalang na hindi nakikíta kung sila’y nagagalit. Minsan, kapag hindi naagapan sa paraang ritwal ay maaari itong ikamatay ng tao.

Bukod sa pagpapausok sa mga punò, ito ay nagaganap din kapag may nagkakasakit sa miyembro ng pamilya. Sa pamamagitan ng ritwal, sila ay naniniwala na ito ay nakalulunas sa anumang karamdaman. Bahagi ng kanilang ritwal ang pag-aalay ng mga bagay tulad ng kanin na may luyang dilaw, malagkit na itim, at ang puting bigas, depende sa uri ng sakit ng pasyente at bagay na hinihingi ng **Imam** na kaniyang kakailanganin sa isasagawang ritwal.

MATERYAL AT DI-MATERYAL NA KULTURA AT TRADISYON

Páyag-Páyag, Bálung-Bálung, at Lépa: Anyo ng Tahanan

Ang tahanan ng mga sinaunang pangkat ng Sáma ay tinatawag na **pélang** o bahay-bangka, **páyag-páyag**, at **bálung-bálung**. Subalit, sa paglipas ng mga panahon, bihira nang makakíta ng bangkang-bahay na tinitirahan ng mga katutubong Sáma Bajao. Kung mayroon man, hindi na ito maituturing na tahanan. Sa halip, ginagamit ito bílang transportasyon. Sa ngayon, ang mga Sáma Bajao ay karaniwang naninirahan na lámang sa tabíng-dagat. Ang kanilang mga bahay ay gawa sa katutubong kagamitan na may mataas na haligi. Walang dibisyon na humahati sa silid-tulugan. Ang bubong at dingding ay napapalibutan ng **salírap** o dahon ng niyog na hinabi at ang sahig ay gawa sa kawayan o tabla. Ang pintuan ay dalawa na magkaharap sa sukat at haba ng bahay. Ang isang pintuan ay sumasagisag sa pagpasok ng suwerte. Tinatawag ito ng mga tagalabas na **kubù** at **lépa** naman sa wikang Bangingì ayon kay Nasir Ismula.

Ang **pélang** ay isang tipikal na bangka ng mga Sáma di Laut—mga Sáma na nása dagat o mga Bajao. Ito ay nagsisilbing tahanan nila dahil na rin sa uri ng kanilang pamumuhay. Ang laki nitó ay nakadepende sa dami ng pamilya na naninirahan sa **pélang**. Mas maliit ito kaysa sa **lépa**. Ang katawan nitó ay yari sa kahoy. Ang bubong at dingding naman ay yari sa dahon ng niyog na nagsisilbing proteksiyon.



Larawan 66. Páyag-páyag o bálung-bálung na tahanan ng mga Sáma Bajao at Sama Tawi-tawi



Larawan 67. Páyag-páyag o bálung-bálung na tahanan ng mga Sáma Bajao at Sama Tawi-tawi

Dikit-dikit at kumpol-kumpol din ang mga bahay na may mga **taytayan** na nagdurugtong at nagsisilbing tulay o daanan. Ang **taytayan** ay yari sa kawayan at mga pinagdugtong-dugtong na tabla. May mga bahay din naman na walang **taytayan**, kayâ

sumasagwan sila gámit ang kanilang bangka papunta sa kanilang destinasyon upang mamilí sa tindahan o bumisita sa kapitbahay.



Larawan 68. Lepa

Ayon sa aklat na *Katutubo Directory: A Global Yes Event for the UN Indigenous People* (1996), ang mga Bajao o táong-dagat ay naninirahan sa karagatan ng Sulu Arkipelago. Ang mga Bajao ay maipapangkat ayon sa kanilang pamumuhay. Ang mga Bajao na nása Siasi ay nakatirá sa tubig. Ang bahay ay gawa sa kahoy na may mahabang poste sa ibabâ upang magsisilbing pundasyon ng kabuoang bahay. Mapapansin din ang tulay na gawa sa pinagdugtong-dugtong na mga kahoy o kawayan. Nagsisilbi itong daanán ng mga Bajao papunta sa kanilang tahanan o sa mga kapitbahay. Pangingisda ang kanilang ikinabubuhay sa lipunang kinabibilangan. Samantala, ang mga Bajao naman sa Sitangkai ay permanenteng naninirahan sa tabíng-dagat. At ang panghulí ay nakatiró sa bangkang-bahay o **pélang**. Ang mga bahay na gawa sa kahoy ay nagsisilbing tahanan ng ilang mga Bajao. Ang iba pang katawagan sa bangkang-bahay ay **lípa** o **lépa**, **vinta**, **pélang**, at **kúmpit**.¹⁷

¹⁷ “Katutubo Directory, A Global Yes Event for the UN Decade Indigenous Peoples” (1996).



Larawan 69. Pélang



Larawan 70. Tahanan ng mga Sama Bajao

Sa kasalukuyan, marami nang pangkat ng Sáma ang umaayon sa makabagong mundo ng sibilisasyon. Kayâ, maging sa pagsibol ng mga makabagong teknolohiya, sila ay hindi na rin pahuhulí. Maging ang bahagi ng kanilang bahay ay yari na rin sa mga kongkretong kasangkapan. Katulad ng ibang mga bahay na gawa sa mamaháling kahoy at semento, at ang bubong ay gawa na rin sa metal. May mga dibisyon na humahati sa silid-tulugan, kusina, at sála.



Larawan 71. Tahanan ng mga Sama Bajao

Mga Katutubong Kasuotan

Bukod sa mga katutubong kasuotan na **sámbra**, **sabláy**, **batáwi**, at **sawwál** na ginagamit sa pagpunta sa plaza, palengke, at mga okasyon, may kasuotan din silang pang-araw-araw sa tahanan. Ito ang **tadjúng**, **hos** o **hólos** na malung na ginagamit bílang proteksiyon sa kanilang katawan na tinatawag na **kindáng**. Sinusuot ng mga babae ang malung sa katawan. Pagkatapos, idudugtong at itatali ang bandang harapan at bandang hulihan ng maliit na bahagi ng malung.



Larawan 72. Batáwi

Ang katutubong kasuotan ng Sáma Bangingì ay may nakalagay na **féz** sa ulo. Ang damit pang-itaas ay simpleng tahi na may butones sa magkabilâng dúlo bílang palamuti. Maluwang naman ang salawal na ang bandang ibabâ ay may bútones sa hiwa ng tela bílang palamuti. May katutubong sinturon at maliit na krus na espada na nakasuksok sa bandang kaliwa ng sinturon. Ayon sa kay Panglíma Amilpasa T. Bandaying, ang mga Sáma Bangingí ay kilalang mga mandirigma sa lahat ng Samá.



Larawan 73 at 74. Katutubong Kasuotang Panlalaki ng Sáma Bangingì



Larawan 75. Katutubong Kasuotan ng Sáma Tawi-Tawi

Paghahabi

Likás sa mga Sáma Bajao ang pagiging simple. Wala silang ibang hinangad kundi ang mamuhay nang tahimik kasáma ang kanilang mga pamilya. Subalit, kapag larang ng sining ang pag-uusapan, sila ay hindi rin pahuhulí. Nakitaan sila ng husay sa paghahabi ng mga makukulay na banig na may iba't ibang disenyo. Ang kanilang mga banig ay yari sa pandan. Ang pandan ay kanilang binibili at pagkatapos ay pinatutuyô bago nila ito simulang gawin. Ayon kay Gng. Basaria Tahaji, tribal chieftain ng Maasin, Lungsod Zamboanga, ang paghahabi ng iba't ibang disenyo ng banig ay may kinalaman sa emosyon ng isang manghahabi. Ang bawat kulay ng banig ay may mga sagisag. Halimbawa, ang kulay-puti ay sumasagisag sa kalinisan, ang kulay-rosas ay kaligayan, ang dilaw ay ginto, ang asul ay dagat, at ang kulay-berde ay sumisimbolo ng kalusugan. Dagdag pa niya, ang mga banig na simple lámang ang disenyo at walang maraming kulay ay natatapos sa loob ng 3 buwan. Subalit, kapag ang banig ay may disenyo at mga kombinasyong kulay, umaabot ito mula apat hanggang anim na buwan depende sa disenyo.





Larawan 76–81. Iba-ibang Disenyo ng Banig ng mga Sáma Bajao sa Maasin, Lungsod Zamboanga

Mga Katutubong Palamuti

Ang mga Sáma ay sadyang malilikhain. Ang kanilang kakayahan sa paggawa ng iba'tibang palamuti ay nagpapatunay lámang na sila ay maabilidad din sa iba pang bagay na kanilang napakikinabangan. Bukod sa nabanggit, ang mga palamuti ng Sáma tulad ng kuwintas, hikaw, at pulseras ay gawa sa mga **baggu-baggu** o maliliit na kabibe na itinali sa *nylon*. Minsan, ito ay yari sa perlas o *cultured pearls*.



Larawan 82. Mga Banig o Tepoh/Báluy na Produkto ng Sáma Bajao ng Maasin, Lungsod Zamboanga



Larawan 83. Láyag o Banog na Inilalagay sa Bangka bílang Palamuti



Larawan 84. Kitkítlan

Ang **kitkítlan** ay gawa sa telang sutla na may matitingkad na mga kulay na dinidikitan ng iba't ibang kulay ng *sequins*. Ang **sambúlayang**, **tipás-tipás**, **láyag**, **bánog**, **langít-langít**, at makukulay na banig o **tepoh/báluy** ay mga palamuti na maaaring ilagay sa bakuran at bahay, at kung may mahalagang okasyon.



Larawan 85. Pulseras at Hikaw na Gawa sa Perlas



Larawan 86. Tútup o Food Cover



Larawan 87. Talam o Brass Food Tray



Larawan 88 at 89. Pëga/póga/kíbut/stun o Banga ng mga Sáma

Mga Katutubong Kasangkapan



Larawan 90. Bawlúhan na Hulmáhan ng Paggawa ng Baúlu



Larawan 91. Sili o bronseng tsarera (tea- kettle) ng mga Sáma



Larawan 92. Pipísan na Ginagamit sa Pagbabayó



Larawan 93. Linsúngan o Bayúhan ng mga Tuyông Prutas



Larawan 94. Tálam na lalagyan ng mga Pagkain ng Sáma



Larawan 95. Mamáan o sisidlan ng mamâ



Larawan 96. Mamaan na katulad ng Sinturon at inilalagay sa baywang

Mga Katutubong Intrumentong Pangmusika



Larawan 97. Agong



Larawan 98. Kulintang



Larawan 99. Dabbána

Liban sa mga katutubong instrumenting pangmusika, ang *organ* ay ginagamit din ng mga Sama tuwing may mahahalagang okasyon tulad ng kasal, kaarawan, Hariraya, at iba pang okasyon na nagbibigay kasiyahan sa kanilang pagdiriwang.



Larawan 100. Organ

Ang mga instrumentong pangmusika ay ginagamit tuwing may mga mahahalagang okasyon tulad ng kasal, pista, o pagtitipon-tipon sa komunidad bílang libángo o panawag sigla at kasayahan sa mga okasyon.

Ang **agong** ay yari sa bronse. Ang bandang gitna na nakaumbok ang pinupukpok ng matigas na kahoy. May goma ang dulo ng kahoy upang tumunog at lumikha ng nakaaaliliw na musika. Sinasabayan ito ng mga ng **igal**, **pansak**, at iba pang katutubong sayaw.

Samantala, ang **kulintangan** ay katulad din ng hugis ng agong. Ang pagkakaiba ay mula sa malaki hanggang sa maliliit na sukat nitó na lumilikha ng iba-ibang tunog. Ito’y binubuo ng walong piraso na ang ilalim ng lalagyan o sahig ay lubid o *nylon* upang makalikha ng nakaaaliw na tunog.

Ang **Dabbana** naman ay gawa sa manipis na kawayan at matigas na kahoy na hugis-bilog. Balát ng kambing ang inilalagay sa ibabaw na bahagi nitó. Palad ang gámit sa paghampas sa balát ng kambing upang makalikha ng musika. Karaniwang pinatutugtog ang **dabbana** sa mga ritwal. Sa kasalukuyan, ginagamit na rin ito ng mga Sama Bajao sa mga katutubong sayaw. Laganap na rin ngayon ang instrumentong pangmusika na **organ**. Sinasabayan na lámang ng mga Sama ng awitin ang mga tunog na dati nang nakaayos sa organ.

Mga Katutubong Awit

Si Murro (2004) ay nagsagawa ng pag-aaral na *Mga awiting-bayan ng Badjaw ng Tawi-Tawi: Isang Pagsasalin at Pagsusuri sa Sosyo-Kultural na Pananaw*. Layunin ng pag-aaral na suriin ang mga nakalap na awiting-bayan sa sosyo-kultural na pananaw na nakatuon sa sosyal institusyon gaya ng paniniwala at kaugalian. Natuklasan na ang mga awiting-bayan ng mga Bajao ay kakikitaan ng mga paniniwala at kultura gaya ng pamanhikan, pagbibigay ng dote, pagbabasá ng kapalaran, pagsamba sa mga kalikasan gaya ng buwan, at pag-aampon ng kamag-anak na batàng naulila ay bahagi ng kanilang kultura.

May sariling awit din ang mga Sáma gaya ng Ténes, Linggísan, at Dindá Manísan. Mababakás sa awiting-bayan ng mga Sama ang kanilang payak na pamumuhay.

Linggísan

Ilu na tuud maglinggisán
Gom sa ilu sinugpatan
Danaka dayang magdupang-dupang
Oy-oy sa may darling-darling
Bang aku makalangan
Mmbal magbantug baran
Alatag 71alaki ku kalahatan

(Korus)

Lilla-lilla-lilla.... lal(3x)

Linggisan dayang ha Sinunuc
Magkasigpit, magpupus-pupus
Iya Allah budjang mahamut
Oy-oy sa may darling-darling
Kalu da kamu dayang maghambuuk
Dahun takaw pa hula Sug
Dittu kita dayang magtapuk-tapuk

(Ulitin ang Korus)

Linggisan indah ha Sabela
Sigpit-sigpit dayang pabrika
Kalu kita daang maisug
Oy-oy sa may darling-darling
Minnitu pinabeya na

Totoong magsayawan
Buti pang samahan
Huwag ineng magloko-lokohan
Oy-oy sa may darling-darling
Kung ako'y nása kantahan
Di ako'y magmayabang
Nalibot ko na ang kabayanan

(Korus)

Lilla....Lilla.....Lilla....Lal (3x)

Sayawan ineng sa Sinunuc
Walang hanggang kahirapan
Oh Diyos mabangong dalaga
Oy-oy sa may darling-darling
Sana'y magkatuluyan kayo ineng
Dalhin kita sa 71alaki Sug
Doon tayo magtago-tagó

(Ulitin ang korus)

Sayawan ineng sa Sabela
Hirap-hirap ineng sa pabrika
Kailangan natin tapangan
Oy-oy sa may darling-darling
Nandito pinasama sa awitan

Kalangan si indah-indah

Si Ineng-Ineng.

(Ulitin ang Korus)

(Ulitin ang Korus)

Inilalarawan sa awiting Linggisan ang magagandang dilag sa lugar na kanilang napuntahan tuwing sila'y naglalakbay. Bahagi ng kulturang Bajao ang paglalakbay sa karagatan bilang mga mangingisda. Naglalakbay sila upang maghanap ng tiráhan na malayo sa kaguluhan. Sila'y mga mamamayan na matatawag na *peace loving people*. Naglalakbay rin sila para kumíta ng pera sa pamamagitan ng pagkanta na kilala sa tawag na **pag-organ** o **pagbanda** gamit ang teknolohiyang organ at drum. Dinarayo nila ang mga bayan sa tuwing sila'y naimbitahan.

Ténes

Tenes kinobelan
asal du sigam magkagastuhan
oy patuntulun toongan
daa ka dayang magkadupangan.
Daa ka magdupang-dupang

Oy Iya heh du pina-iskul tuan
subay heh nu pinata dayang
Alanga record nu toongan
saga sausiit nu mga kaanakan
bay na labay isab pangiskulan
oy dalam du nia kasabutan.

Asal du kaa bay ginastuan,
Entomun ma pangatayan
kalu nia kahandak ni tuhan.

Kaonan kam ilu isigam
ampa apupus na altah mattoa
nu dayang,
sandah ma nandah na ilu.

Niyah mayah lilla raa angakkalan
kaam daa na biya-biyain toongan,
na ninga-an ka ilu palasahan.

Minsan ka ilu ginadjian,
oy tapuli altah para makaam
kay pangang-gastu pangiskul nu dayang

Tenes Tinakpan,
silang gagastusan,
Pagbutihin lámang,
Huwag sinta magpabaya
Huwag magpariwara

Tanging pinaaral sinta
Kailangan mong pagtiyagaan
Upang ang grado ay gaganda
Dahil ang mga kamag-anak
Dumaan din sa pag-aaral
Subalit wala ring alam

Panggastos sa iyo
Huwag kalimutan
Bakâ darating ang biyaya

Ulila ka sa tingin nila
Kayamanan ng magulang
ubos na
Kaya sinta lagi'y nagsasanla

Pag-ibig kay Adonis balewalain
Huwag itong pansinin
Isipin kinabukasan abot na.

Kahit ikaw ay may sahod na
Panggastos nito'y bawi na
Sa nagastos sinta sa pag-aaral

para atangbus ka pamangiskulan
aboh ka makamastal dayang
ay ay na kabayaan nu dayang

oy taboa nu ru ni paghil'laan.

Tenes ni Malusu
pagga aka iskul naka ma WMSU
oy pahapin na pikilan nu
maka dayang pabontolin itikad ay,
kabantugan du ilu baran nu.

Last na itu hilling ku,
subay taentom nu ay bay hilling ku.
Wassalam!

Kung ika'y propesyonal
Upang maging guro sinta
Kagustuhan ay makamtan

Karangyaan dala hanggang
sa pag-asawa.

Tenes sa Malusu
Pag-aaral sa WMSU
Pagbutihin mo ito
Kapalaran sinta'y ituwid
Katanyagan ay para sa iyo

Itong hulíng hiling ko
Huwag kalimutan payo ko.
Paalam!

Masasalamín sa kultura ng mga Bajao ang pagiging masayahin, anuman ang kalagayan o estado sa búhay. May káya man o mahirap, maalam man o mangmang, bata o matanda, babae o lalaki, idinadaan nila sa pag-awit ang kanilang nararamdaman. Lalo na kapag may okasyon tulad ng awitin sa paghanga o pagkakaibigan, inilalarawan nila ang katangian at kalagayan sa búhay ng iilang mga Sama. Kahit hiráp sa pagpapalaral ang mga magulang ay sadyang gumagawa ng paraan na makapagtapos lang ng pag-aaral ang lahat kasabay ang pagpapaalala sa mga anak na pinaaral.

Dindá Manísan o Mayuming Dalaga

Niyah dinda dinda landuh manis
Manis na manis na landuh akatangis
Dinda tahah buun

Ung na landuh pansung
Manis akapunung si rinda maerom
Subul bilahi na masi mais muka
Katis na altah na bay pamuwan na

Pagka ania waktu
Maghinda na iya
Tudju m'ma, ina
Mattoa jari na

Pagka tamura na sigam pinangantin
Sigam manusia pa bunyug magkawin

May mayuming dalaga
Yuming sobrang ganda
Yuming nakapapaluha

Haba buhok ng dilag
Tangos ilong maganda
Yuming nakahimatay
Dalagang taglay

Binata'y naakit sa ganda ng dilag
Ubos na yaman niya bigay sa dalaga
Ngunit isang araw, namanhikan na siya
Nagulat kamag-anak sumang-ayon na

Nang araw ng kasal
Si binata'y mayaman at guwapo

Si lilla dayahan, makalanduh handsome
Sekot binatalan, si renda paragan
Hangkan dinda lahi nia lilla sididi

Biglang takbo ng babae nang siyang
pakasalan

Miskin aka limmi bay agkabilahi
Dinda pineha na, mmbal katambunan
Taabut malam na lilla monoh di na

Pagmamahal ng babae sa iba'y inilaan,
Lalaki mahirap, salát sa ganda,
Nagkagusto sila sa isa't isa.

Maerom lingkatan asal sigam tunang
Maka si miskin lilla lanjang-lanjang
Kaam kapakilan naksi kam toongan
Masigam duwangan katullu suratan.

Si magandang babae at si
lalaking dukha
Relasyon tagal na panahon,
Binata'y matangkad at mga imam
Silang dalawa ay sadyang magkapalaran

Sa kasalan ng mga Bajao, hindi mawawala ang pagpapatugtog o pag-awit sa pamamagitan ng tinatawag **kulintangin**. Bagaman walang orihinal na awit na naimbento, ang pag-oorgan o pagbabanda ang pangunahing instrumento sa mga okasyong tulad ng kasal. Simula sa bisperas ng kasal hanggang sa kinabukasan ay walang tigil at humpay ng mga mang-aawit upang mabigyang sayá ang ikakasal kasáma na ang kanilang mga kaanak, kamag-anak, kapitbahay, kakilala, at naimbitahang dumalo.

Inilalarawan ang kagandahan ng isang dalaga na kasabay ng pagsayaw at kaugalian ng mga Sáma na ang babaeng kinakasal ay pinasasayaw sa harap ng mga dumalo. Ginaganap ito sa isang bulwagan kung saan ginanap ang kasal at magbibigay sila ng **panjí** o pera. Maaari itong ilagay sa ulo, damit, at daliri bílang pampasuwerte at regalo sa bagong kasal.

Sa kabuoan, ang nabanggit na mga awiting-bayan ng mga pangkat-etnikong Sama ay masasabing walang orihinalidad sa konteksto sapagkat aktuwal na nakikita nila ang inilalarawan at inilalahad habang kumakanta. Sa instrumentong ginamit, nakaprograma na ang lahat ng tunog pangmusika at sinasabayan na lámang ng kanilang palahad na kanta (Abdurajak 2014).

Ayon sa informant, kapag may mga okasyon o kasiyahan, ang **kulíntangan**, **gabbáng**, **lugú**, **dabbána**, at **ténes** nakaugaliang patunugin ng kanilang mga ninuno bílang libangan. Sa kasalukuyan, ang pag-oorgan na ang pangunahing libangan ng mga Sama. Minsan na lámang nagpapatugtog ng katutubong musika dahil sa kawalan ng katutubong instrumento at katutubong mang-aawit.

Haylaya: Pagdiriwang ng Hariraya

May mga espesyal na pagdiriwang o okasyon ang mga Sama. Pagkatapos ng **Ramadhan** na tumapat sa **lendóman** o walang liwanag ng buwan sa gabi, aábot sa dalawampu't pito hanggang tatlumpung araw ang pag-aayuno o hindi pagkain bago at pagkatapos sumikat ang araw. Ayon sa Imam, sinusunod lámang ng mga Muslim ang yapak ni Propetang Muhammad (SAW) kung paano niya sinasamba si Allah upang makapasok sa paraiso. Sa loob ng nabanggit na araw, titingnan o magmamasid sila sa gabi kung ang buwan ay nakikíta na. Kapag nagpakíta na, kinabukasan ang araw ng pagdiriwang ng **Hayláya** o **Haríraya Eidil Fitri**.



Larawan 101. Bukah o maaari nang Kumain sa Hapon sa Itinakdang Oras tuwing Ramadan

Ang pagdiriwang ay nangangahulugan ng pasasalamat sa nalampasang pagpaparayà at pagsuko kay Allah. Sa araw ng **Hariraya**, maaari nang kumain ang mga nag-ayuno. Bago ang ika-7:00 ng umaga, nagkakaroon ng pangmadlang pagdarasal sa malaking bulwagan. Bukod sa pagdarasal, araw din ng bigayan sa pamamagitan ng handaan at sa maykáya naman sa búhay ay pera bílang **sadakka** o pagkawanggawa lalo na sa **imam**, **ustadz**, mahihirap, matatanda, bálo, batà, at higit sa lahat ang pagpapatawad sa nagkasála. Maliban sa **Hariraya Eidil Fitri** ay may **Hariraya Eidil Adhá** na tulad rin sa **Eidil Fitri** na may pangmadlang pagdarasal. Ang kaibahan lang nitó ay nagsasagawa ng *pilgrimage* ang mga Muslim na maykáya sa búhay sapagkat ang pagdiriwang ay nása limang haligi ng Islam. Ang pagdarasal ay isinasagawa nang limang beses sa isang araw. Ang pagbanggit sa **Shahadát na Lailaha illawla Muhammad Rasululla** o walang ibang Diyos kundi si Allah at ang kaniyang propeta na si Muhammad (*Salallahi alayhi wassalam* o SAW), **jákat** o buwis sa Islam, pag-

aayuno at pagpunta sa Mecca upang mag-pilrimage o mag-hadji ay ang isinasaalang-alang sa pagtugon ng relihiyong Islam.



Larawan 102. Pagdiriwang ng Haríraya sa Isla ng Simariki, Lungsod Zamboanga sa pangunguna ni Tribal Leader Nasir Ismula

May iba pang pagdiriwang na may kaugnayan sa relihiyong Islam tulad ng **Mawlúd** o kapanganakan ng propetang Muhammad, SAW, at **pagtíbow kubúl** o **tampíl** o paglilinis ng libingan ng mga minamahal sa búhay isang buwan bago mag-Ramadan. Ang mga pagdiriwang na ito ay sinasalungat ng iilan sa mga **ustádz** at **hafídz**. Ayon sa kanila, hindi nagawa ng propeta ang ganitong pagdiriwang.

Naiimbitahan at kinikilala rin ang kultura ng mga Sama kayâ sumasáli sila sa mga pagdiriwang tulad ng Fiesta Pilar Festival sa Zamboanga na binibida ang kanilang **vinta** na may layag o **léha**; Kamaharlikahan Festival sa Languyan ng Tawi-Tawi at ibinibida ang lamáng-dagat tulad ng **ágál-ágál** o *seaweeds* at kultura ng mga Sama. Ang **Ágal-Ágal** Festival ay isa sa limang pagdiriwang na bahagi ng Kamaharlikahan Festival tuwing sasapit ang buwan ng Setyembre sa Tawi-Tawi. Ang pagdiriwang na ito ay sumisimbolo sa paraan ng pamumuhay ng mga Sama. Sa Basilan naman ipinagdidiriwang ang Cocowayan Festival ng Lungsod Isabela, ang Lamí-lamíhan Festival sa Lungsod Lamitan, at ang Pakaradjaan sa probinsiya ng Basilan.

Mga Katutubong Sayaw

Ang **Ígal** o **Pansák** at **Taríray** ay sayaw ng lalaki sa panliligaw sa dalaga na nagpapakita ng panunuyò. Nakaugalian ng mga lalaking Sáma na ligáwan ang babaeng sinisinta. Samantala, ang **Lingkísan** ay sayaw na ang galaw ng katawan at kamay ay


inihahalintulad sa agila. Ang katawan ng mananayaw ay marahang kumikembot o gumagalaw na sinasabayan ng **kulintangan** at **agong**. Ang mga babaeng Sáma ay nagiging matapang sa oras ng kapahamakan kayâ ipinakikíta sa sayaw na **Langká Budjáŋg** ang *martial arts* at ang husay sa pagtatanggol sa sarili lában sa masasamâ. Lalaki naman ang sumasayaw ng **Kuntáw sílat** na sayaw ng *kung fu*. Ang **bakì-bakì** sayaw ng pangingisda na namimilipit sa sakít dahil natinik ng hito. Ang iba pang mga sayaw ay **Agong**, **Ígal Bolah-Bolah**, at **Taríray**.



Larawan 103. Linggisan



Larawan 104. Igal Bolah Bolah



Larawan 105. Igal Mariyatah Boh



Larawan 106. Langka Budjang



Larawan 107. Tariray

Paglalaro

Sa tanghali, ang mga babaeng Sáma ay abalá pa rin sa mga gawain tulad ng paglalaba at pagsasalok ng tubig. Ang mga batà ay naglalaro samantálang ang mga binatà at dalaga ang naglalako ng kanilang mga paninda gaya ng isda, daing, palamuti, at iba pa. Pagsapit ng hapon, nagtitipon-tipon sila upang magkuwentuhan. Madalas na paksa ng kanilang pag-uusap ay tungkol sa búhay-may asawa, mga kíta sa kanilang mga paninda, mga nakatutuwang kuwento, at marami pang iba na kasama ang kanilang mga kamag-anak. Samantala, ang mga batàng maliliit naman ay abalá sa paglalaro. Ang paglalaro ng **pagbóla** o *volleyball* ay ang paboritong libangan ng kabataan na may edad 12 taon pataas.

Samantála, ang mga matatandang babae na Bajao ay mahilig humabi ng banig. Ang simpleng disenyo ay nagagawa lámang nila kapag limitado ang kulay ng mga materyal na kakailanganin nila sa paghahabi. Subalit, ang mga simpleng disenyo para sa kanila ay maganda rin naman dahil ito ay sumasalamin sa kanilang payak na pamumuhay. Ang oras sa gawaing paghahabi ay hindi tiyak para sa mga abaláng ina. Nakakapaghabi sila sa tuwing gabi kapag tulog na ang kanilang mga anak. Samantála, ang mga walang asawa naman ay malayang nakakapaghabi kahit na anong oras nila gusto upang madalí nilang matatapos ang kanilang ginagawa. Ang ganitong hanapbuhay ay naging kapaki-pakinabang para sa kanila. Naniniwa sila na ito’y makatutulong upang matutustusan ang kanilang pangangailangan. Sa ibang abaláng ina, inilalaan na lámang nila ang kanilang atensiyon sa pag-aalaga ng kanilang mga anak at pagpapanatiling malinis ang loob ng kanilang tahánan.

Ayon sa informant mula sa Maasin, Lungsod Zamboanga, pangingisda ang pangunahing pamumuhay nila. Dagat ang kanilang pinagkukunan ng hanapbuhay at isda ang kanilang pangunahing pagkain. Ang anumang maliit o kaunting bagay na natitirá sa kanilang húli ay ipinagbibili upang sila ay makabili ng kasuotan, bigas, at iba pang uri ng pagkain. Ang likás na pagiging táong-dagat at paglipat-lipat sa baybayin ng mga Bajao ay sanhi ng kanilang kahirapan at upang matugunan ang ibang pangunahing pangangailangang ekonomikal.



Larawan 108. Paglalaro ng Kababaihan



Larawan 109. Paglalaro ng Kabataan sa Barangay Sanga-Sanga, Bongao, Tawi-Tawi

Maliban sa kabataang Sáma, maging ang mga nakatatanda ay nalilibang na rin sa paglalaro ng balibol o **agbóla**. Nagsisimula silang maglaro kapag hindi na mainit ang paligid. Ayon kay Gng. Nuriya Aluddin, ang pinakamatandang manlalaro na 64 na taóng gulang, ang pagkahumaling sa anumang isport ay wala sa katandaan. Bagkus, ito ay naaayon sa hilig o kinagigiliwang gawin ng isang tao bílang kaniyang libangan.

SIKLO NG BÚHAY

Kaugalian at Paniniwala sa Pagbubuntis

Ang pagbubuntis ay itinuturing ng mga Sama na kalahating paa ay nása hukay na dapat laging mag-ingat. Ayon kay Gng. Albasha Sabbulani, ang ilan mga paniniwala sa pagbubuntis ay ang sumusunod: bawal umupo sa pintuan sapagkat matagal lalabas ang sanggol; bawal gumawa ng mga pagtatali tulad ng paggamit lubid, pagtatali ng buhok, paglalagay ng kuwintas o pagpuput ng tuwalya sa leeg dahil pupulupot sa leeg ng sanggol ang pusod; bawal magwalis lalo na sa gabi; at bawal din maligo sa dagat dahil mapapasukan ng tubig ang sinapupunan ng isang buntis. Kailangang laging magsuot ng damit na kulay-itim ang buntis bílang proteksiyon laban sa mga maligno o masasamâng nilalang na hindi nakikita. Bawal kumain ng pusit sapagkat mahihirapang manganak dahil sa malapot na tinta ng pusit. Bawal ding dumalo sa lamay sapagkat mahihirapan siyang manganak.

Ayon kay Placio, ang isang pagdiriwang sa paglilihi ng mga buntis na Bajao ay tinatawag na **paghínang ni túhan** na ang ibig sabihin ay likha ng Diyos na ipinagdiriwang sa unang pagbubuntis. Nilalayon nitó na manalangin para sa proteksiyon ng Panginoon sa sanggol. Ito’y nagpapahiwatig na ang *fetus* o sanggol sa sinapupunan ng ina ay babasbasan ng Panginoon at mabigyan ng proteksiyon sa kaniyang bagong búhay. Ang ina naman ay hindi kasali sa seremonya. Ang ikalawang punto, kahit hindi kasali ang ina sa seremonya, matatamása niya pa rin ang biyayang ipagkakaloob ng Panginoon. Kung ito man ang naging priyoridad ng seremonya, kailangang ugaliin nila ang pagkakaroon ng pagdiriwang tuwing mabubuntis ang isang babae. Sakaling mawawala ang sanggol na unang ipinagbuntis ng isang ina o kayâ’y makararanas siya ng komplikadong pagbubuntis at panganganak, idinadaan ito sa isang relihiyosong gawain gaya ng panalangin sa paraang isinasagawa ang seremonya. Ang seremonyang ito ay isinasagawa sa bahay ng *attendant-at-birth* o komadrone dahil sa kahalagahan nitó sa pagbubuntis ng isang ina gaya ng pag-aalaga niya nang mabuti sa buntis, pagbibigay-payo, pananalangin, at ang kakayahan nitóng makapagpaanak.

Kaugalian at Paniniwala sa Panganganak

Ang mga Sáma ay nanganganak sa bahay. **Pandáy** ang tawag sa nagpapaanak. Ayon kay Gng. Hulbaya Saikula, isang **pandáy** sa Maasin Lungsod Zamboanga, may mga paniniwala siyang sinusunod bílang **panday**. Una, kapag ang pagbubuntis ng isang ina ay nása ikaanim hanggang ikapitóng buwan na, kailangan itong hilutin upang

tumuwid ang posisyon ng batà sa loob ng sinapupunan at maging normal ang panganganak. Pagkatapos ng panganganak, ang **tamúni** o *placenta* ay pinaliliguan at dinadasalan. Pagkatapos, inilalagay ito sa **peyàh** bao ng niyog at ililibing. Ang isang bagong panganak ay pinaiinom ng iba't ibang uring halamang dahon na mapait sa paniniwalang malayo ang agwat ng pagbubuntis. Pagkatapos ng apatnapung araw ng panganganak, muli siyang hihilutin. Magsasagawa rin ng ritwal sa paniniwalang manunumbalik ang kaniyang normal na pangangatawan. Hindi siya dapat na magbuhát ng mabibigat na bagay sapagkat maaaring mabinat. Sakaling mabinat, kukuha ng maliit na bahagi ng nipa sa apat na sulok ng atip at susunugin. Kailangang malanghap ng nabinat na buntis ang usok upang manumbalik ang lakas at gumaling. Sa kasalukuyan, ang mga Sáma ay bukás na sa mga pagbabagong nagagawa ng agham kayâ niyayakap na rin nila ito.



Larawan 110. Pandáy o partera ng Barangay Maasin, Lungsod Zamboanga

Ang pagbubuntis at panganganak ay minsang nagiging mapanganib para sa ina at sanggol na nása kaniyang sinapupunan. Ang pagkamatay sa oras ng panganganak ay naging pangkaraniwan na sa mga babaeng Bajao. Bukod sa nabanggit, karamihan sa mga ina na nakapanayam ng mananaliksik ay nakaranas din ng pagkamatay ng sanggol sa kanilang panganganak. Ayon sa kanilang paniniwala, may kinalaman ang espiritu sa dami ng bílang ng mga namamatay sa panganganak ng mga Bajao. Samakatwid, ang pagbubuntis at panganganak ay mga oras na dapat nilang ituon ang espesyal na atensiyon sa espiritu. Dapat din nilang alamin ang mga paliwanag tungkol sa mahirap na pagbubuntis at panganganak. Subalit, ang pinakamahirap na pagsubok na kanilang mararanasan sa pagbubuntis at panganganak ay gawa ng mga espiritu. Kapag ang isang babae ay hindi nabuntis sa itinakdang panahon pagkatapos ng kasal, maaaring isasagawa ang seremonya ng **maggómbòh** upang humiling ng tulong sa kanilang mga

ninuno. Kapag ang isang ina ay makararanas ng paghihirap sa kaniyang panganganak, isasagawa ang **magbúsang** upang hilingin sa espiritu na mapigilan ang kaniyang paghihirap. Dagdag pa sa seremonyang ito, dapat tumugon ang isang buntis na gumawa ng mabuting-asal sa kaniyang kapuwa. Isang halimbawa nitó, iwasan niya ang pagiging mapanudyo sa ibang táong may kapansanan. Kapag ito ay kaniyang ginawa, magsisilang siya ng sanggol na may kapansanan din. Kapag nakakíta ang isang buntis ng ulap na dumaan sa kabilugan ng buwan, dapat agad siyang maliligo. Ang ibang buntis naman ay naniniwalang dapat nilang ipagbawal ang pagkain ng mga matatamis dahil titigas ang sanggol sa kanilang sinapupunan at mahihirapan silang manganak.

Sa oras ng panganganak ng isang ina, ang **pandáy** at ang katuwang nitó ang magpapaanak sa kaniya. Kung maaari, ito ay kanilang mga kamag-anak, nanay o kapatid na babae, o lalaki o babaeng **djin**. Kapag ang panganganak ay mapanganib para sa isang buntis, ang **panday** ay tutulong sa pisyolohikal na proseso ng pagpapaanak samantalang ang **djín** ang mag-aalay ng panalangin at pagkain sa mga espiritu. Ang dasal ay isinasagawa sa pamamagitan ng pag-awit nang paulit-ulit na hinihiling sa espiritu na maibsan ang sakít sa kaniyang panganganak at matugunan ang kaligtasan nitó. Ang dasal ay patuloy pa rin pagkatapos ng panganganak. Ang unang pagligo sa sanggol ay madalas na ginagawa sa tubig-dagat at pagkatapos ay ang pagbanlaw ditó ng malinis na tubig. Ang kanin ay inaalay sa mga espiritu ng **djín**. Pagkatapos, sabay-sabay itong kakainin ng mga táong naroon kasáma ang bagong silang na sanggol na pakakainin ng kaunting butil ng kanin. Ang anting-anting ay ipinapagamit din sa sanggol bílang proteksiyon. Ito ay maaaring pulseras o kuwintas na inihanda ng **djín**.

Mga Kaugalian sa Paglilibing

Pagkúbul ang tawag sa paglilibing ng mga Sáma. Ang isang Sáma, kapag namatay ay agad na ililibing sa loob ng dalawampu't apat na oras o depende sa sitwasyon na kailangan sa araw mismo ito ililibing sapagkat ang tagasundo niya sa langit ay naghihintay. Kayâ, ang **máyat** o bangkay ay **pináligu** o pinaliliguan kasabay ng ritwal na hango sa mga salita sa Koran. Kung babae ang namatay, ang mag-aasikaso sa kaniya ay isang **panday** at kung lalaki ay isang **imam**.

Kailangang maging malinis sa pagharap kay Allah ayon sa kanilang paniniwala. Dinadamitan sila ng **sápot** o telang puti. Ang hukay na paglilibingan ay dapat lampas sa puson ng tagahukay ng lupa. Sa bandang gilid ay gagawa ng silid na hihimlayan ng katawan ng namatay. Lahat ng proseso sa paglilibing ay laging may kasabay na ritwal.

Kapag ang pagkamatay ay nangyari sa gabi, ang lamay ay magdamag na nagaganap na tinatawag na **baháangi**. Sa lamay, ang **Imam** ay umaawit at nagdarasal para sa kaluluwa ng namatay. Ang kanilang pamamaraan ng paglilibing ay halos katulad din sa tradisyon ng mga Muslim. Pinaliliguan at nililinis nila ang bangkay, ibinabalot sa tela, ipinagdarasal, at inilalagay nila ito sa ataul. Dati, ang katawan ng

bangka na pagmamay-ari ng isang namatay ay tinatangal. Ito ang ginagamit na taas at babâng bahagi ng kabaong.



Larawan 111. Pagbungkal sa hukay na paglilibingan

Sa mga ninunò, ang pagbasa ng Koran ay naaayon sa paglipas ng araw—sa simula tatlong araw, pitóng araw, dalawampung araw, apatnapung araw, isandaang araw, at isang taon o **kamáttihan**. Opsiyonal lámang ang pagsasagawa ng **kamáttihan** sapagkat isinasagawa ito ng mga táong maykáya sa búhay o labis na may pagmamahal sa taong lumisan sa mundo. Sa kasalukuyan, isinasabuhay pa rin ang ganitong kaugalian subalit may ilang mga Sáma na hindi na pinaniniwalaan ang ganitong ritwal. Sa halip, pagkatapos paliguan at damitan ng puting tela ay ililibing at tatlong araw lang may pabasa. Pagkatapos, wala nang ritwal na padasal sa mga araw na lumipas sapagkat ayon sa kanilang paniniwala ang táong pumanaw na ay na kay Allah na, at lahat ng tao sa mundo ay babalik at haharap kay Allah.

PARTISIPASYON SA PAMBANSANG KULTURA

Edukasyon

Ang mga Sáma ay bukás na ang isipan sa usaping pang-edukasyon. Batay sa bílang ng mga-aaral, kakaunti ang Sáma Bajao sa mga klaseng may multilingguwal na mag-aaral. Sa kasalukuyan, batay sa mga estadistika ng mga paaralan na may IPED na programa, marami nang mag-aaral na Sama ang nakapag-aral dahil sa tulong ng 4P's at libreng pag-aaral. Sa Paaralang Elementarya ng Yusop Dais sa Sanga-Sanga Tawi-Tawi, 80% ng mga Sama na mag-aaral ang nakapagtapos hanggang ikaanim na baitan.



Larawan 112. Mga mag-aaral ng Yusop Dais Elementary School,
Sanga-Sanga, Tawi-Tawi

Subalit, may ibang mag-aaral na napipilitang tumigil sa pag-aaral dahil sa sumusunod na dahilan: pagtulong sa kanilang mga magulang sa paghahanapbuhay; paglipat ng tiráhan; pagkakasakít; at ang pinakadahilan ay kapós sa pangangailangang pinansiyal. Kayâ, hindi naiiwasan ang pag-angat ng drop-out *rates* sa kanilang paaralan taon-taon.



Larawan 113. Mga mag-aaral ng Simariki Elementary
School,

Ayon pa sa mga guro ng nasabing paaralan, gumagawa sila ng mga hakbang upang maibsan ang pag-angat ng *drop-out rates* sa kanilang paaralan. Isang halimbawa nitó ay ang pagkakaroon ng *home visitation* upang alamin ang sanhi ng madalas na pagliban ng mga mag-aaral sa klase. Dagdag pa, iniisip din nila ang kapakanan ng kanilang mga mag-aaral na makapagtapos ng pag-aaral. Sapagkat, naniniwala sila na ang pagtamo ng edukasyon ay may malaking maitutulong sa kanila upang matutupad din ang kanilang mga pangarap.

Sa kasalukuyan, ang mga batàng katutubong Sáma ay nabigyan ng pagkakataon na makapag-aral sa tulong ng itinayông paaralan ng gobyerno tulad ng Bajao Floating Elementary School sa Malamawi Isabela, Basilan. Malápit lámang ang mga bahay ng mga mag-aaral sa paaralan subalit ang transportasyon ay mahirap sapagkat wala silang tulay na malalakaran. Sa halip, sila ay nagbabangka patungo sa kanilang paaralan. Kapag mababà ang tubig, ginagawang *open field* ang harapan ng Badjao Floating Elementary School na magiging *grounds* pang-isport. Pagtuntong sa mataas na paaralan ay sasakay sila ng bangka papuntang Lunsod Isabela, Basilan o sa kanilang lugar sa Malamawi na sakay ng bangka. Pagdatíng sa daungan ay sasakay ng motorsiklo papunta ng National High School. Mahirap ang pag-aaral ng mga Sáma pagtuntong sa sekundarya at kolehiyo ayon sa kanilang prinsipal na si G. Jul Muhammad. Sa iba pang komunidad ng mga sentral Sáma, ang makapagtamo ng edukasyon ay pangkaraniwan na dahil sa tinatamasang magandang katayuan sa búhay.



Larawan 114. Bajao Floating Elementary School,
Isla ng Malamawi, Isabela, Basilan

Sa mga magulang, iba-iba ang kanilang pananaw sa kahalagahan ng edukasyon. Sa mga anak na nagsisimula pa lámang mag-aral, pilit nila itong papasukin sa paaralan,

inihahatid, at sinusundo. Para sa kanila, ang pag-aaral ay pamána nila sa mga anak. Mayroong mga magulang kapag marunong nang bumasa't sumulat ang kanilang mga anak ay pinahihinto na at nagiging katuwang sa paghahanapbuhay. Kayâ, ang mga anak nila ay maagang nakapag-aasawa sa edad na labing-apat na taon pataas. Sa kasalukuyan, sa tulong ng *scholarship program* na ibinibigay ng gobyerno tulad ng NCIP, karamihan sa mga Sáma ay may nakapag-aaral at nakapagtatapos na ng pag-aaral; ang ilan ay nagiging propesyonal.

Kalusugan at Medisina

Ang isang pamilya ay sama-sama sa oras ng pagkain. Sapat na sa kanila ang makakain nang tatlong beses sa isang araw. Sa umaga, nakagawian na nila ang kape't tinapay bílang almusal. Kung minsan nama'y may kanin at ulam sa tanghali, at sa hapunan ay may kanin at **sinánglag** at **pinútu/piyútu** o kamoteng kahoy na kinudkod na katutubong kanin. Bago kumain ay nagdarasal muna sila. May dasal na pagsambit ng **Bismílla** o berso sa Koran bílang pasasalamat sa biyayang binigay sa kanila ni Allah. Naging kultura na rin ng mga Sáma na ang pagsambit sa **Bismílla** bago isagawa ang lahat ng gawain, maging sa paliligo, pagpunta sa kubeta, pagluluto, pagtulog, paggising sa umaga, paglakad sa mahahalagang pakay, at iba pa. Sapagkat, naniniwala sila na ang lahat sa mundong ito ay likha at gabay ni Allah na dapat hingiin at ipagpasalamat.



Larawan 115. Éndong o *eel* na isa sa mga paboritong pagkain ng mga Sáma

Ang mga katutubong Sáma noon ay mahilig sa mga pagkaing karaniwan o payak lámang ang paraan ng pagluluto tulad sa isdang tapa at sinigang na isda. Kung walang kamatis at sibuyas, ang tangladay sapat na at kaunting asin kapag nagsisigang. Hindi nawawala sa hapag kainan ang katutubong kanin na **sinánglag** at **piyútu/pinútu**.

Mahilig din sila ng **tinúanan** o sawsawan na nilalagyan ng sili bílang pampalasa sa tinapang isda.



Larawan 116. Kalítan o kéytan, pating na isa sa mga paboritong pagkain ng mga Sáma

Mahilig sila sa mga ulam tulad ng **kalítan** o pating, **páhi** o páge, **endóng** o igat, **póggot** o pugut, at iba pang mga lamáng-dagat; gayundin ng mga prutas na sobrang hinog.

Samantala, hindi pa rin maitatatwang ang mga Sáma ay nakararanas din ng mga suliraning pangkalusugan sa kanilang pamilya. Isa na rito ay ang *malnutrition* o kulang sa bigat ang kanilang anak dahil sa kakulangan ng kaalamang pangkalusugan at walang Health Center na malápit sa kanilang komunidad. Dumarayo pa sila sa ibang komunidad na may Health Center para magpakonsulta.

Karaniwan nilang pinaniniwalaan ay ang **pagtáwal** o bulong ng mga **agtátambál** o albularyo na mga matatanda. Ayon sa kanila, may mga kamag-anak na pumanaw na at humihingi ng alay tulad ng pagkain, pagdalaw sa libingan o **duwáa** (dasal). Kayâ sila biglang nagkakasakit o masamá ang pakiramdam ay may nasagi o nabundol na maligno o nunò sa punso na kailangan hingan ng tawad sa pamamagitan ng albularyo ayon sa isang **agtátambál** na si Madili Haliki. Bukod sa **táwal** o bulong, may mga halaman na pinaniniwalaan nilang nakapagpagalíng ng sakit. Ang **kambáng túli** ay gamot sa lagnat, ang **daklán bulan** o **landák bulan** ay gamot sa bagong panganak, ang oregano ay gamot sa ubo at sipon, ang dahon ng bayabas o mapaklang saging ay gamot sa pagtatae, ang **pait-pait** o *whiteflower* ay para sa sakit ng tiyan at **bákag** o kabag, ang gatas ng ina para sa **bélad** o *sore eyes*, ang tanglad o *lemongrass* ay gamot sa binatang, ang luyang dilaw o *turmeric* ay gamot sa sipon at tetanus. Para naman

sa mga magulang na manganganak, mas gugustuhin nilang manganak sa bahay kaysa sa ospital sa tulong ng **pandáy** o komadrona upang makaiwas sa mas malaking gastos.



Larawan 117. Dáklan bulan o lándak bulan o Sambong



Larawan 118. Oregano



Larawan 119. Padpád



Larawan 120. Kambáng Tuli

Ang ganitóng kalagayan ay naging banta sa kalusugan ng mga Sáma. Iginagalang naman ng mga *health worker* ang kanilang kalakaran. Kapag dumarayo sa mga bahay kaugnay ng mga programa ng Kagawaran ng Kalusugan tulad sa mga operasyong timbang, pagpapakonsulta na may libreng gamot ay kanilang tinatangkilik. Nakararating ang mga *health worker* sa kanilang lugar isa hanggang tatlong beses sa isang buwan at dumarayo sa kanilang isla sakay ng malaking bangka. Sa kasalukuyan, isinasabuhay pa rin nila ang kalakaran at paniniwalang ito. Subalit, marami na sa kanila ang naniniwala sa kakayahan ng medisina ng nakapagpapagaling tulad ng mga gamot na nabibilí sa botika.

Kaugalian sa Pagkakasakit

May ritwal na isinasagawa ang mga pangkat ng Sáma na tinatawag **mbò**. Ginagawa ang ritwal na ito sa mga malalâng sakit ng katutubo sa pamamagitan ng baul na may lamáng damit ng kanilang **kambó-ombóan** o kanuno-nunuan. Ilalagay sa tabí

ng baul ang alay na pagkain tulad ng saging, kamote, mais, at niyog. Pagkatapos ay may ritwal na isinasagawa sa kanilang wika. Pagkalipas ng tatlong araw o depende sa komunidad, lulutuin nila at kakainin ng buong pamilya. Sinabi ng tribal leader na si Hadji Nasser Usman na ang pag-mbó ay gamot sa sakít na hindi káyang gamutin ng mga doktor. Bukod rito, ang **sagsag** o bulong ay isang paraan ng panggagamot na ang sanhi ng pagkakasakít ay bunga ng mga maligno o mga imortal na nilalang.



Larawan 121 at 122. Túgtugan na na pinaglalaman ng mga kamangyan at abó sa panggagamot ng agtatawál sa mga maysakit.

Kaugalian at Paniniwala sa Pangingisda

Kapag wala, kulang ang nahúling isda, o nagkasakít ang katutubong Sama, ito ay dahil sa **kambóan** o bantay ng dagat. Kayâ, isinasagawa ang **pagtúhun** bago pa man dumilim ang gabí. Mag-aalay sila ng pagkain na may kulay ng puti, dilaw at itim na may itlog na nakalagay sa hugis-bangkang lagayan. Pagkatapos ay iiwang nakalutang sa dagat ang pagkain at magdarasal sila para sa paghingi ng biyaya sa pagpalaot o pagalingin ang maysakít. Babalik sila sa kanilang bahay kung saan naroon ang **mbò** na may baul at mga pagkain. Papatayin ang ilaw o sa madilim na paligid ay may ritwal na magaganap. Pagkatapos, iilawan ang paligid at sabay-sabay silang kakain sa inihandang pagkain bílang pasasalamat sa kanilang dakilang Lumikha.



Larawan 123. Pangingisda sa Sanga-Sanga, Tawi-Tawi

Sa kasalukuyan ay iba-iba na ang kanilang kaugalian kaugnay sa mga ritwal dala ng *intermarriage* o pakikipag-asawahan sa iba pang mga Sáma at di-Sáma. Sinabi ng mga may mataas na pinag-aralan sa relihiyon, ang kaugalian na ito ay **shirk** o gawa ng demonyo kayâ ang ibang mga Sáma ay hindi na isinasabuhay ang gawaing ito.

Bago pumalaot ang isang mangingisda, bawal mabusog dahil hindi makahuhúli ng maraming isda. Kung mamimingwit o gagamit ng panà sa pangingisda ay hindi dapat pag-usapan ang mga isdang nahuhuli sapagkat mamalasin. Maaari nang pag-usapan ito pagkatapos ng pangingisda. Sa paggawa ng bangka, dapat ang sukat ng bangka ay nagtatapos sa 1, 3, 5, 7, at 9. Naniniwala ang mga ninuno na ang saradong bílang ay sarado rin ang biyaya. Bawal din mangisda kung may kasamang babae sapagkat magiging mailap ang isda. Isinasagawa ang **sáat** o pagtingin sa oras at panahon sa panghuhúli ng isda. Kapag lumampas na sa oras ay kaunti o wala silang mahuhúling isda.

Pagpapanatili ng Katutubong Karunungan

May kani-kaniyang *Indigeneous Knowledge System and Practices* (IKSP) ang iba-ibang pangkat-etniko sa Pilipinas. Karaniwang ito ang itinuturo ng mga nakatatanda sa isang pangkat, lalo na ang maalam sa kanilang kultura o *Cultural Masters*. Ang IKSP ang itinuturo sa mga pangkat-etniko na may *School of Living Traditions* (SLT). Ang SLT ay isang programa ng *National Commission on Culture and the Arts* (NCCA) na naglalayong panatilihin at payabungin ang kultura, tradisyon, paniniwala, at kasaysayan ng isang etnolingguwistikong pangkat. Itinuturo rito ang paglikha ng mga katutubong kasuotan, sayaw, awit, instrumento, kasaysayan, literature, at marami pang iba. Nilikha ang SLT upang tumugon sa panawagan ng *United Nations Educational,*

Scientific and Culture Organization (UNESCO) na ipreserba ang kultural na kayamanan ng isang bansa sa pamamagitan ng pagpapanatili at pagpapayaman ng katutubong kaalaman sa susunod na salinlahi (NCCA 2015).



Larawan 124. Paghahabi ng banig na pangunahing hanapbuhay sa Ayuda Badjao Center, Maasin, Lungsod Zamboanga at sa Isla ng Malamawi, Isabela, Basilan

Ang mga katutubong Sáma sa dakong hilaga ng Mindanao ay may *School of Living Traditions* na ipinagsanib sa pagtuturo ng *Indigeneous People Education*. Inaanyayahan ng mga guro't principal ang mga maalam at matatanda sa kanilang paaralan na magturo ng kanilang wika, kultura, at mga pang-araw-araw na gawain. Gayundin, ang mga guro ay gumagamit ng mga aklat na nakusulat sa Sináma o pag-*contextualized* ng mga kagamitan sa pagtuturo. Layunin nitóng maisalin ang kultura lalong-lalo na ang uri ng kanilang karunungan saa pangingisda, pagtatanim, paglilinis sa sarili, at iba pa.

PAGTANAW AT TUGON NG KOMUNIDAD SA KALAGAYAN NG KANILANG WIKA AT KULTURA

Ang mabilis na pag-unlad sa isang komunidad ay nangangahulugan ng pagtanggap ng mga Sáma sa pagbabago ng kanilang pamumuhay. Subalit may mga katutubong Sáma pa rin ang nananatili sa kanilang katutubong paraan ng pamumuhay. Karamihan sa kanila ay mga Sáma Dilaut, dahil sa kakulangan ng edukasyon ng kanilang magulang. Malaking porsiyento ng mga Sáma ay maluwag na tinanggap ang pagbabagong ito. Katulad sa kanilang mga tahanan ngayon na yari na sa kahoy at semento, na dati ay naninirahan lámang sila sa **Pélang** o bangkang-bahay. Hindi na rin sila nagsusuot ng katutubong kasuotan maliban na lámang kapag may mga okasyon.

Maging sa panganganak, ito ay sa ospital na, hindi na sila natatakot makipag-usap sa mga tagalabas at bukás sa pagtanggap ng bisita.

Masasabi na maluwag na tinatanggap ng mga Sáma ang ganitáng pagbabago bílang patunay na ang adaptasyon o pagtangkilik sa pagbabago ay dalá ng kapaligirang kasabay ng pag-unlad. Isang magandang bagay ang ganitóng pagbabago para sa mga maykáya at may pinag-aralan. Samantála, para sa mga Sáma Dilaut na mahihirap, hirap silang makibagay sa mga pagbabago tulad sa marangal na tahanan dahil sa kaunting kita ng mga maliliit na mangingisda. Kayâ, hanggang sa kasalukuyan ay **páyag-páyag/léha-léha** o anyong bahay-kubo pa rin ang kanilang tirahan. May mga sektang Islam sa kasalukuyan na hindi na nila isinasabuhay gaya ng mga ritwal sa paglilibing ng mga katutubo. Ayon kay Hafidz Al-Bashier Bunawan, na nakapag-aral ng mataas na digri sa Madraza, nakasaad sa Qur'an na ang táong namatay ay hindi na dapat pang ipagdasal pagkatapos ng libing sapagkat ang katawang lupa ay siya lámang naaagnas na babalik sa lupa. Sinalungat naman ito ni Imam Gapaluddin Aluddin na katutubong mananampalatayang Islam. Samantálang ang kaluluwa ay buháy pa rin na umaaligid sa sansinukob at naghihintay ng **quiamat** o katapusan ng mundo para sa araw ng paghuhukom at makaharap ang panginoon na si Allah. Ngunit sa kabila ng pagbabago ng paraan ng pananampalatayang Islam ay marami pa rin sa mga katutubong Sama, lalo na ang mga matatanda, ay yumayakap sa katutubong paraan ng pananampalataya.

Sa gitna ng mga pagbabagong nagaganap sa komunidad, mayroon pa ring nananatili sa kanilang mga katutubong kaugalian tulad sa pangingisda, paghahalamanan, panganganak, panliligaw, pag-aasawa, pagpapagawa ng bahay, panggagamot sa pamamagitan ng ritwal tulad ng **sagság** o bulong, **pag-mbòh**, at halamang-gamot.

Sa kabilâng banda, ang mga pagbabagong dulot ng kasalukuyang kalagayan ng komunidad sa mga katutubong Sáma ay isang bentaha para sa kanila na bukod sa kanilang katutubong kaalaman ay magkakaroon pa sila ng karagdagang kamalayang panlipunan na makapagpapaunlad sa kanilang kultura. Sa usaping pangwika, sa pangkalahatan ay 90% ng kanilang lahi ay matatas pa rin sa katutubong wika bagaman hindi mapigilan ang impluwensiya ng Bahása Sug, Filipino, at Ingles na sinasalita sa paaralan. Sa tahanan ay Sáma o Sinama pa rin ang wikang sinasalita. Kayâ ang wikang Sáma ay maunlad na wika lalong-lalo na sa bandang Katimugang Mindanao ng karagatang Sulu sapagkat bukod sa tahanan na ginagamit, itinuturo pa sa paaralan sa kanilang MTB MLE na asignatura sa tulong ng Indigeneous People Education ng DepEd. Sa bandang kanluran ng Mindanao, tulad ng Zamboanga del Sur, limitado ang paggamit nila ng Sáma sa paaralan dahil multilingguwal ang mga mag-aaral at ayaw nilang maaapi o malalait ng mga di-Sáma. Narito ang direktang pahayag tungkol sa kahalagahan ng wika bílang pagkakilanlan:

Angay ka inonan Sáma?
(Bakit ka binansagang Sáma?)

Mingga ka anau agsinama?
(Saan mo natutuhan ang wikang Sáma?).

Ang pagpapanatili sa kanilang wika bunsod sa mahigpit na pagpapahalaga sa kanilang kultura sa kabila ng malakas na impluwensiya ng ibang pangkat o tagalabas na nakasasalamuha nila sa paaralan at panonood sa telebisyon at media ay buháy na buháy pa rin ang kanilang wika. Matibay ang pundasyon ng mga batàng Sáma sa usaping pangwika. Sapagkat mula sa tahanan ay itinuturo na ang katutubong wika at lalong pinalakas dahil sa IPED na programa at MTB-MLE na asignatura.

MGA SANGGUNIAN

Mga Aklat

- Bottignolo, B. (1999). *Celebrations with the Sun an Overview of Religious Phenomena among the Badjaos*, Lungsod Quezon. Ateneo De Manila University Press.
- Chou, C. (2006). *Research trends on southeast asian Sea Nomads.*” Kyoto Review of Southeast Asia.
- Katutubo Directory, *A Global Yes Event for the UN Decade Indigeneous Peoples* (1996).
- Nimmo, H. A. (2001). *Magosaha: An Ethnology of the Tawi-Tawi Sama Dilaut* (p.18)
- _____ (1990). *Philippine Studies* (1990), Quezon City. Ateneo De Manila University. (mp. 167-182)
- Sather, C. (1993) “*Bajau*” in *Encyclopedia of World Cultures*, New York, GK Hall and Company.

Mga Tesis at Disertasyon

- Abdurajak, Nena C. (2014). *Ang Kultura ng mga Badjaw ng Taluksangay, Lungsod ng Zamboanga Ayon sa Kanilang Awiting Bayan*. Tesis sa MA, Universidad de Zamboanga, Paaralang Panggradwado, (mp. 15-1).
